# FILIPINO

---

# DULANG GANAP ANG HABA

# SHAMBALA

# SHAMBALA

## Buod

Dalawang magkapatid ang ‘naghihintay’ at ‘naghahanda’ sa pagdating ng mga ahente ng militar upang sila naman ang paslangin, matapos unahin nang paslangin ng mga ahenteng ito ang kanilang mga magulang.

## SHAMBALA

### Tauhan

Magkapatid

EMAN late 20s

MANUEL 20

### Tagpuan at Panahon

Isang dapithapon at dalawang gabi sa isang nayon ng Santa Barbara; isang payak na kusina ng dampa.

## UNANG YUGTO

*Pagbukas ng ilaw, matatagpuan ang isang kusina. May kahoy na mesa at upuan. Nagtitimpla ng kape si EMAN. Lalanghapin ni EMAN ang kape. Iinom nang kaunti. Buntong hininga. Ilang sandali, darating si MANUEL.*

MANUEL Narito ka pa pala.

EMAN Oo. Narito pa ako.

MANUEL Akala ko'y umuwi ka na kina Ate Marissa at Elisa matapos ang libing—

EMAN Magpapalipas muna ako ng ilang sandali rito. Maya-maya na ako uuwi sa mag-ina ko.

MANUEL Bakit, Kuya Eman? May problema ba?

EMAN Huwag mo nang itanong. Pero alam kong itatanong mo lang din ulit.

*Mahabang saglit.*

EMAN Hindi ka nagtanong ulit. Sige, sasagutin ko. May bumabagabag sa akin mula pa kahapon.

MANUEL Ano ‘yon?

EMAN Maupo ka, Manuel.

MANUEL Ayoko, Kuya Eman. Ang mas gusto ko’y mahiga.

EMAN Mahiga ka.

MANUEL Hindi kumportableng higaan ang bangkong ito. Hindi na ako kasya.

EMAN Oo nga. Gawin mo ang iyong ibig.

MANUEL Anong bumabagabag sa iyo?

*Ilalabas ni EMAN ang isang maliit na kahong regalo na naka-ribbon ng itim na laso.*

EMAN Ito.

MANUEL Ano iyan?

EMAN Anong tingin mo?

MANUEL Regalo?

EMAN Regalo.

MANUEL Isang regalo ang bumabagabag sa iyo?

EMAN Oo.

MANUEL Kanino galing?

EMAN Hindi ako sigurado. Nakita ko na lang na nasa labas ng pinto natin nang lumabas ako panandali para magpahangin kahapon—

MANUEL Kahapon pa ito dumating?

EMAN —mga ganito ring oras, dapithapon. Kahapon.

MANUEL Wala kang nabanggit sa akin kagabi.

EMAN Inisip kong saka na banggitin matapos ang libing. Masyadong akong malungkot para mabanggit pa ang bagay na ito kahapon.

MANUEL Kung ako rin siguro ang nakakita niyan, ngayon ko lang din babanggitin sa iyo.

EMAN Pero ako ang unang nakakita, hindi ikaw. (*Saglit.*) Hawakan mo.

MANUEL Akin na.

EMAN Heto.

MANUEL Hindi kalakihan. Hindi rin mainam ang pagkakatali ng itim na laso.

EMAN Tama.

MANUEL Mukhang minadali ang pagkakatali.

EMAN Siguro. O baka, hindi marunong ang nagtali.

MANUEL Malaki siguro ang kanyang mga kamay.

EMAN Ibig sabihi’y hindi na bata ang nagtali.

MANUEL Mga ka-edad ko siguro.

EMAN Pwedeng mas matanda pa.

MANUEL Maaari.

EMAN Alugin mo.

MANUEL Tumutunog.

EMAN May laman.

MANUEL Ano ang laman?

EMAN Maaari mong buksan.

MANUEL Baka para sa iyo ang regalong ito. Masamang magbukas ng regalo nang may regalo.

EMAN Paano kung para sa iyo?

MANUEL May nakasulat ba kung para kanino?

EMAN Wala.

MANUEL Ikaw ang nakakita, baka para sa iyo nga ang regalong iyan. Malayo pa ang kaarawan ko. Masamang magbukas ng regalo kung hindi ito para sa kanya.

EMAN Baka nagpauna na. Tapos na ang kaarawan ko noon pang isang buwan.

MANUEL Baka naman nagpahuli lang. Maaari kitang kantahan ng maligayang bati, ngayon mismo. Hindi kita nakantahan noong kaarawan mo, kung tama ang pagkakaalala ko.

EMAN Hindi ko na rin maalala kung nakakanta ka nga noong isang buwan. Ako rin nama'y maaari kang kantahan ng maligayang bati bilang pauna. Pero ayoko. Ayoko ring makarinig ng kanta sa mga panahong ito. Pagod ako.

MANUEL Mamaya na natin ito buksan. Saan ko ito ilalagay?

EMAN Kung saan mo man nais.

*Maghahanap si MANUEL ng mapaglalagyan ng regalo. Hindi siya makakapagdesisyon. Ilalapag niya sa mesa ang regalo.*

MANUEL Dito na lang muna.

EMAN Walang masama kung diyan mo ilalagay. (*Saglit.*) Napakaliit na kahon.

MANUEL Napakapayak kung pagmamasdan.

EMAN Na may lasong itim.

MANUEL Na hindi mainam ang pagkakatali.

EMAN Na hindi natin alam kung para kanino sa ating dalawa.

MANUEL Baka para sa ating dalawa.

EMAN Pwede rin.

MANUEL Hindi mo pa bubuksan?

EMAN Mamaya na.

*Saglit.*

MANUEL Maiba ako, Kuya.

EMAN Sige, maiba ka. Ano iyon?

MANUEL May mainit pang tubig?

EMAN Mainit na tubig?

MANUEL Oo, Kuya. Mainit na tubig.

EMAN Kakaubos lang.

MANUEL Akala ko'y may maaabutan pa ako.

EMAN Mabuti nga't may natira pa para rito. Hindi na rin ito gano'n kalamig nang tinimpla ko.

MANUEL Hindi ka na nagpainit—

EMAN Wala na akong gana magpainit.

MANUEL Naiintindihan ko.

EMAN Magpainit ka na lang din kung gusto mo. Hindi ko inaasahang gugustuhin mo rin uminom ng mainit matapos ang libing nina Tatay at Nanay.

MANUEL Ayos lang, Kuya.

EMAN Baka mas kailangan mong magpahinga kaysa magpainit ng tubig.

MANUEL Magpapahinga ako matapos kong gawin ang nais kong gawin.

EMAN Ikaw ang bahala.

MANUEL Nakakapagod ang maalinsangang araw na ito, ang pag-aasikaso sa libing.

EMAN Sabagay... malagkit nga sa balat ang hangin. Makapal. Bakit mo kailangan ng mainit na tubig?

MANUEL Isasabay ko sana ang init ng kape sa init ng panahon. Magtitimpla ako ng kape.

EMAN Magtitimpla ka ng kape?

MANUEL Oo, Kuya. Magtitimpla ako ng kape. Bakit mo naitanong?

EMAN Naitanong ko lang.

MANUEL Kape ba ang iniinom mo?

EMAN Oo. Kape ang iniinom ko.

MANUEL Akala ko'y tsaa o gatas ang iniinom mo.

EMAN Hindi. Kape.

MANUEL Madalas na gatas o tsaa ang iniinom mo.

EMAN Madalas ngan gatas o tsaa ang iniinom ko pero kape ang ninais kong inumin para sa hapong ito, pagdating ko.

MANUEL Kung ganoo'y parehas na kape ang ating iinumin sa mainit na dapithapong ito.

EMAN Gano'n nga.

MANUEL Magpapainit na ako ng tubig—

EMAN Wala nang silbi.

MANUEL Bakit?

EMAN Wala nang kape.

MANUEL Pero nakapagtimpla ka—

EMAN Para sa huling tasa. Mag-tsaa ka na lang o gatas—

MANUEL Hindi ako umiinom ng gatas o tsaa.

EMAN Wala kang magagawa.

MANUEL Wala nang kape... Ayokong maggatas o kahit tsaa. Kape ang gusto ko. Maaalala ko lang sina Tatay at Nanay kapag maggagatas ako o magtsa-tsaa. Laging gatas at tsaa ang kanilang iniinom. Kape ang gusto ko.

EMAN Puwes, kailangan mong bumili ng kape.

MANUEL Ayokong lumabas. Pagod na ako sa araw na ito. Sayang... akala ko'y meron pang kape.

EMAN Naubos sa mga nakipaglamay sa huling gabi at nakipaglibing. Kahit ang asukal natin ay naubos.

MANUEL Pati asukal ay naubos?

EMAN Oo.

MANUEL Ilang sako pa ng asukal 'yon kagabi, a!

EMAN Tatlong sako rin ng asukal 'yon.

MANUEL Hindi naman ganoon karami ang nakipaglamay sa huling gabi at nakipaglibing.

EMAN Sapat na rin—

MANUEL Mga ilang daan lang naman sila—

EMAN Apat na raan at pitumpu't isa ang nakipaglamay sa huling gabi. Kung isasama pa ang mag-ina ko'y apat na raan at pitumpu't tatlo.

MANUEL Apat na raan at pitumpu't tatlo lang ay naubos na ang kape at asukal?

EMAN Nadagdagan pa iyon noong libing. Naging limandaan.

MANUEL Limandaan lang na nakipaglibing, naubos na ang kape at asukal?

EMAN Ibig sabihin, malalakas silang magkape.

MANUEL At asukal. Nakalimutan mo, Kuya, ang asukal.

EMAN Paumanhin. At asukal.

MANUEL Kung ang bawat kutsara ng asukal ay sampung gramo at kung ang bawat sako ng asukal ay limampung kilo, aabutin ng limanlibong kutsara ang bawat sako. Ngunit tayo'y may tatlong sako. Ibig sabihi'y mayroon tayong labinlimang libong kutsara ng asukal. At kung mayroon tayong... sabihin na nating... apat na raan at pitum... limandaang na lang para sarado, limandaang nakipaglamay at nakipaglibing, aabot nang tigtatatlumpung kutsara ng asukal ang bawat isa sa kanila. Malakas silang mag-asukal. (*Saglit.*) Magkakasakit ang mga nakipaglamay.

EMAN At nakipaglibing, Manuel.

MANUEL At nakipaglibing, Kuya. Hindi na nga rin ako nakapagkape kagabi dahil iniisip ko, para ito sa mga darating na bisita, sa mga kaibigan ng Nanay at Tatay—

EMAN Ng mga magulang natin na pinaslang ng mga ahente ng militar. (*Mahabang saglit.*) Huwag mong kakalimutan na sila'y pinaslang ng mga militar. (*Maghihintay ng sagot.*) Wala ka bang isasagot o idadagdag doon?

MANUEL Meron.

EMAN Ano?

*Saglit.*

MANUEL Akala ko'y, aabutin sila ng isandaang libo, isang milyon.

EMAN 'Yan din ang inisip ko. Akala ko rin ay aabutin sila ng isandaang libo, isang milyon.

MANUEL Mabuti na rin iyon at hindi sila ganoon karami. Mauubos sa nilulutong lugaw ang inani nating bigas kung umabot sila ng isang milyon.

EMAN Manghihinayang ka sa magagamit na bigas sa lugaw? Nanghihinayang ka ba sa naubos na kape at asukal?

MANUEL Hindi. Mas naging mabuti lang sana kung mas maraming nakarating at saka mauubos ang kape't asukal.

EMAN Pero hindi... lilimandaan ang dumating ngunit naubos na ang kape at asukal.

MANUEL Bakit daw hindi nakarating ang nakararami?

EMAN Nanonood ng telebisyon ang mga kababayan natin. Hapon ang libing, maraming drama ang ipinapalabas kapag hapon.

MANUEL Ngunit iba ang drama ng totoong buhay!

EMAN Ipinagpalit ng kababayan natin ang libing ng kanilang lider sa isang kabanata ng paborito nilang drama sa hapon. Tanggapin na natin ito. Palibhasa'y hindi ka mahilig manood kaya hindi mo talaga maiintindihan. Mas hilig mong magbasketball. Tumambay sa parang—

MANUEL Palagay mo lang 'yan, Kuya. Hindi nga ako mahilig manood ng telebisyon pero parati ko namang nakakatambayan sa may parang ang mga kapitbahay nating mga tambay din katulad ko. Palagi silang nanonood. Sa kanila ko nakukuha ang lahat ng balita na hindi ko napapanood, naririnig sa radyo o nababasa sa dyaryo; kahit ang mga balita sa bayan natin.

EMAN Kung totoo ang sinasabi mo, dapat ay narinig mo na rin sa kanilang naubos ang ating kape't asukal.

MANUEL Dumaan ako sa parang ngayon-ngayon lang upang pagmasdan ang araw. Hindi para makipag-usap. Masyado akong malungkot pagkatapos ng libing.

EMAN Walang nakipag-usap sa iyo sa parang?

MANUEL Ayokong makipag-usap sa kahit na kanino.

EMAN Pero kausap mo ako ngayon.

MANUEL Kung dumiretso ka na kaagad sa mag-ina mo'y wala akong makakausap ngayon at ako'y nakahiga na sana sa aking papag.

EMAN Ang dami mo talagang palusot.

*Saglit.*

EMAN May itatanong ako.

MANUEL Kuya Eman—

EMAN May itatanong sana ako—

MANUEL Ano 'yon?

EMAN Ang itatanong ko'y tungkol sa tagalutong si Pareng Erning. Natanong mo ba siya?

MANUEL Mabuti't naitanong mo, Kuya. Nagkausap nga kami ni Pareng Erning. Nabanggit niyang pagod na pagod raw siya sa kakaluto ng lugaw.

EMAN Ano'ng pang sabi niya?

MANUEL Marami pa siyang sinabi. Pero ang pinakaimportante sa lahat ay kailangan daw natin siyang ilibre ng sine.

EMAN Madali lang ‘yon. Ako na’ng bahala.

MANUEL Anong ikaw?

EMAN Ako na ang bahala sa panonood niya ng sine. ‘Yon lang naman ang sinabi niyang gusto niyang kapalit ng gagawin niyang pagluluto para sa gabi-gabing lamay. Magkano na ba ang panonood ng sine ngayon?

MANUEL Hindi ako mahilig manood ng sine.

EMAN Dahil mas gusto mong magmuni sa parang—

MANUEL Mabuti pa’y pasobrahan na lang natin ang perang ibibigay kay Pareng Erning. Mas mabuting may sukli kaysa magkulang.

EMAN Tama. ‘Yon nga ang gagawin natin. Anong pinagmunihan mo sa parang?

MANUEL Ang lilimandaang nakipaglibing... Hindi ako naniniwalang dahil lamang iyon sa palabas na drama sa hapon.

EMAN Ako rin nama’y hindi naniniwala sa sinasabi ko.

MANUEL Nagsinungaling ka nang sabihin mong nanonood sila ng drama sa hapon?

EMAN Hindi ako nagsisinungaling. Mahilig naman talaga ang mga kababayan natin sa panonood ng drama sa hapon. (*Saglit.*) May isa pang dahilan.

MANUEL Kung gano’y alam mo, Kuya, kung bakit daw hindi nakarating ang nakararami. Anong alam mo?

EMAN Alam mo na ang sagot.

MANUEL Hindi ko alam. Katulad nang nabanggit ko na'y hindi ako nakipag-usap nung nasa parang ako kanikanina. Kung alam ko'y hindi ko na itatanong.

EMAN Alam mo ang sagot.

MANUEL Sirit na ako. Hindi ko alam. Hindi ko maintindihan ang ibig mong sabihin.

EMAN Alam nilang tayo na ang isusunod—

MANUEL Ako, hindi ko alam.

EMAN Ako, alam ko. (*Saglit.*) May ipagtatapat ako.

MANUEL Ano, Kuya Eman?

EMAN Binuksan ko na ang regalo. Hindi ko lang sinabi sa iyo.

MANUEL Alam ko. Kunwari lang na hindi ko alam.

EMAN Alam ko rin na alam mo ngunit sasabihin mong hindi mo alam. Anong alam mo?

MANUEL Inasahan ko nang nabuksan mo na ang regalo nang sabihin mong kahapon ng dapithapon mo pa ito natagpuan at hindi binanggit sa akin kahapon din. Gano'n naman ang ginagawa mo noon pa. Kapag kaarawan ko, ang mga regalong ipinaaabot sa'yo na para sa akin ay matatagpuan ko na lang na bukas na pagdating ko galing eskwela.

EMAN Kung ganoo’y alam mo na pala. Patawad kung ganoon—may mga gawi talagang mahirap maiwasan.

MANUEL Kaya hindi na mainam ang pagkakatali ng lasong itim.

EMAN Ako na ang nagtali kaya ganyan ang kinalabasan. Mainam ang pagkakatali niyan nang una kong matagpuan kahapon.

MANUEL Pasabi-sabi ka pang “Baka hindi marunong ang nagtali,” na “hindi na bata ang nagtali.” Hindi na talaga bata ang nagtali dahil ikaw ang muling nagtali.

EMAN Patawad na nga! (*Saglit.*) May mga bagay talagang hindi na maiwasan.

MANUEL Pinapatawad na kita. (*Saglit.*) Ano ang laman ng regalo?

EMAN Hulaan mo. Inalog mo kanina.

MANUEL Ayokong manghula. Pero aakuin ko ang laman ng regalo depende sa laman niyan. (*Muling kukunin ang regalo at aalugin.*) Kung mga piraso ng ginto ito, sa akin ito at hindi ibig sabihin noo’y ibinibigay ko sa iyo o paghahatian natin. Depende sa laman. Ang lahat ay depende sa laman. Baka ilang piraso ng barya kaya tumutunog—

EMAN Buksan mo.

MANUEL Bubuksan ko?

EMAN Oo. Buksan mo nang makita mo ang laman.

MANUEL (*Bubuksan ang regalo.*) Bakit kasi mali pa ang pagkakatali!? Ang hirap naman nito. Baka isa na naman ito sa mga kalokohan— (*Ilalabas ang lamang dalawang piraso ng bala ng armalayt.*) Bala? (*Saglit.*) Bala lang pala ng armalite. (*Pagmamasdan ito nang mabuti. Saglit.*) Dalawa lang? (*Saglit.*) Para sa akin ba ito? Mukhang hindi para sa akin ito. Hindi ako masyadong mahilig magbaril-barilan.

EMAN Baka sa iyo. Hindi mo lang kaagad maalala.

MANUEL (*Makukumbinsi.*) Sigurado ako, hindi sa akin ang mga ito. Baka para sa iyo ito—

*Ihahagis ni MANUEL kay EMAN ang isa sa dalawang bala. Hindi ito masasalo.*

EMAN Hindi na ako natutong sumalo kahit kailan.

*Saglit.*

MANUEL Baka tig-isa tayo.

EMAN ‘Yan din ang naisip ko. Pero baka para sa isa lang sa atin ang dalawang balang ito.

MANUEL Pwede rin.

EMAN (*Nakakorteng baril ang kamay. Itututok sa ulo ni MANUEL.*) Isa para rito—

MANUEL (*Nakakorteng baril ang kamay. Itututok sa dibdib ni EMAN.*) At isa para rito.

*Magtititigan ang dalawa. Marahang ibababa ang mga kamay.*

MANUEL Katulad ng tama ng bala kina Tatay at Nanay. Ano’ng gusto nilang sabihin?

EMAN Matapos nilang dukutin at patayin sina Tatay at Nanay, tayo naman ang isusunod nila.

MANUEL Mukhang ganoon nga.

EMAN Ganoon nga. Wala nang mukha-mukha. Wala namang mukha ang mga nagpapadala ng mga ganyang regalo para sa malapit nang mawala sa bayang ito.

MANUEL Kailangan natin ipamalita ang regalong ito. Pupunta muna ako sa parang. Aalis na muna ako—

EMAN Alam na ng mga kababayan natin ang balak sa atin.

MANUEL Paanong mangyayari ‘yon?

EMAN Kahapon nang dapithapon, wala pang masyadong taong makikipaglamay, nang makita ko ang regalo’y may dumaan na magtataho. Bumibili ng taho ang kapitbahay natin sa tapat. Itinanong ko sa kanya ang tungkol dito. Itinanong ko kung nakita niya kung sino ang nag-iwan ng regalo. Sinabi niyang hindi niya alam. May dumaan na maggugulay, tinanong ko rin. Sinabi niyang hindi rin. May dumaan na mag-a-ice cream. Wala rin daw siyang alam.

MANUEL Pero hindi naman nila alam na bala ang laman ng regalong 'yan.

EMAN Binuksan ko kaagad nang makita ko. At sa pagtatanong ko'y ipinapakita ko sa kanila ang laman. Kaya kita tinatanong kung may nabanggit ba sa iyo ang mga katambayan mo sa parang.

MANUEL Wala silang nabanggit. At katulad ng sinabi ko'y wala rin naman akong kinausap kanina sa parang.

EMAN May bibig at tenga ang mga kababayan natin, Manuel. Alam na ng mga kababayan natin sa Santa Barbara na tayo na ang susunod na papatayin.

MANUEL Siguro nga. Kaya siguro wala na ring lumapit na akin ay dahil alam na nilang tayo na ang isusunod.

EMAN Tama ka diyan. Sino ba naman ang nanaising makipag-usap sa isang taong mamamatay na?

MANUEL Kapag tayo ang napaslang, mas marami kayang maglalamay para sa atin?

*Katahimikan.*

MANUEL Lilimandaan lang ang nakipaglibing kina Nanay at Tatay.

EMAN Natatakot silang madawit sa napasukan nina Tatay at Nanay.

MANUEL Gano'n ba 'yon?

EMAN Oo.

MANUEL Bawal na’ng makiramay sa panahong ito, ganoon ba?

EMAN Panahon ito ng takot. Panahon ito na ang mumunting paggalaw ay maaaring maghatid ng kamatayan.

MANUEL Akala ko pa nama’y nakakapanabik ang kamatayan... Lagi kong pinagmumunian sa parang kung paano ako mamamatay.

EMAN Papayag ka bang mamatay dahil lamang nakipaglamay ka ng isang gabi?

MANUEL Hindi. Gusto kong matulad kina Nanay at Tatay. Astig ang pagkamatay nila. Pero minsan, parang gusto kong mamatay nang nakahiga sa papag.

EMAN ‘Yan din ang iniisip ng nakararami.

MANUEL Ang alin, Kuya Eman? Ang kaastigan ng pagkamatay nina Nanay at Tatay?

EMAN Hindi. Ang sinasabi mong pagkamatay sa papag.

MANUEL Nangarap din kaya sina Nanay at Tatay ng ganoong kamatayan?

EMAN Siguro. Ngunit hindi iyon natupad kung pangarap nga nila iyon. Sila’y dinukot...natagpuang may tama ng bala sa dibdib at ulo, at luray-luray ang mga katawan.

MANUEL Hindi ko na naiintindihan ang mga kababayan nating ito kung bakit ayaw nila ng ganoong kamatayan.

EMAN Ayaw ng mga kababayan nating maging gano'n-gano'n na lang ang dahilan ng kanilang magiging pagkawala at kamatayan. Lider mamamayan si Tatay. Ang karamihan sa mga kababayan natin sa bayang ito ng Santa Barbara na nakiramay sa ati'y hindi mga lider mamamayan. Hindi mo ba naiintindihan?

MANUEL Hindi.

EMAN Ganito, ang mga magulang natin ang namumuno sa mga pulong na nagaganap sa bayang ito.

MANUEL O...

EMAN Matagal nang tinitiktikan ng mga dumukot at pumatay ang bawat galaw ng magulang natin. Ibig sabihi'y alam ng mga sundalo, alam ng mga militar, na may balak ang Tatay.

MANUEL Anong balak 'yan? May narinig ako...

EMAN Balak ng Tatay na magprotesta laban sa pagpapaputol ng dalawang puno ng lansones na nasa paanan ng bundok na nasa tapat lamang ng bahay ng kongresista natin.

MANUEL Tama ang narinig ko. Ngunit napakalayo ng bundok kahit nasa harap pa ito ng bahay ng kongresista!

EMAN Hindi daw makatulog ang kongresista sa dami ng paniking umaaligid, pumapagaspas sa dalawang puno ng lansones na ito. At ang hindi

pagpapaputol sa dalawang natitirang puno ng lansones na lamang ang natitirang pag-asa ng taumbayan upang hindi tuluyang gumuho ang lupa sa bundok na kalbo na. Isipin mo na lang, Manuel, na raragasa ang lupa mula sa bundok sa panahon ng tag-ulan sakaling maputol ang dalawang puno ng lansones. At saan ito mapupunta?

MANUEL Saan?

EMAN Alam mo kung saan!

MANUEL Ayokong magkamali ng sagot, Kuya Eman. Sabihin mo na.

EMAN Sa bayan natin ng Santa Barbara at sa mga katabing bayan ng Santa Filomena!

MANUEL Mabubura sa mapa ang Santa Barbara at Santa Filomena... Mawawala ang mga tao sa Santa Filomena... (*Saglit.*) Ang hayop na kongresista'y lagi nang makasarili. Selfish.

EMAN Nagpatawag ang Tatay ng paunang pulong isang buwan na ang nakakaraan. Tatlong araw ang naganap na pulong.

MANUEL Kung nalaman ko lang ang tungkol sa pulong na 'yon ay nakadalo sana ako.

EMAN Huli na ang lahat. Pareho tayong hindi nakapunta.

MANUEL Hindi ka rin nakadalo?

EMAN (*Mag-iisip.*) Ano na ngang dahilan bakit hindi ako nakapunta... (*Saglit.*) Tama. Wala ako nang mga araw na 'yon dahil namamasyal kami ng aking asawa kasama ang anak naming si Elisa. Ikaw, nasaan ka?

MANUEL Ayokong sabihin. Magagalit ka lang.

EMAN (*Bungtong hininga.*) Natuloy ang pulong na tatlong araw.

MANUEL Ang nakarating sa aki'y mahigit pitondaang libo ang dumalo sa pulong. May mga hindi na nga rin daw nakapasok sa lugar ng pagpupulong dahil hindi na kasya.

EMAN Totoo 'yon. Nabanggit sa akin ng Tatay nang makauwi sila ni Nanay matapos ang pulong. Kung tama ang pagkakaalala ko'y ako rin ang nagkuwento sa iyo.

MANUEL Tama. Ikaw nga ang nagkuwento sa akin, Kuya Eman.

EMAN Nagbasa pa ng tula ang Tatay bago magsimula ang pulong.

MANUEL Kaninong tula ang binasa ni Tatay?

EMAN Kay Margaret Oslo.

MANUEL Sino si Margaret Oslo?

EMAN Isang mamamayan ng daigdig. Isa sa mga pinakanirerespetong makata sa mundong ito. Mahigit dalawandaang pahina ang librong iyon ng tula ni Margaret Oslo. Halos dalawang araw na nagbabasa ng tula ang Tatay.

Walang tigil. Tuloy-tuloy. Umaga hanggang umaga nang ikatlong araw. Tuloy-tuloy. At saka lamang talaga nagsimula ang pulong.

MANUEL Si Margaret Oslo...

EMAN Bakit?

MANUEL Ang masaklap. Hindi ko siya kilala.

EMAN Sa laksa-laksang libro sa bahay na ito’y wala ka naman talagang binasa ni isa.

MANUEL May nabasa naman na ako pero paisa-isang pahina lang—

EMAN Mas gusto mong tumambay sa parang para mag-abang ng bulalakaw at makippagkuwentuhan sa mga nakakasama mong tambay. Bente anyos ka na.

MANUEL Sinong bente anyos ang hindi maaantig humiling ng kung ano sa libo-libong bulalakaw! Noong bente anyos ka ri’y ganito rin naman ang ‘yong ginagawa. Sa parang mo rin naman nakilala si Ate Marissa. Doon kayo unang nag—

EMAN Tama na! Mga dahilan... Iba ang boses ng Tatay. Iba rin magpaliwanag ang Tatay.

MANUEL Mabuti’t nakatagal ang mga nakikinig sa kanya.

EMAN Kapag nagsimula na siyang magsalita, walang hindi makikinig. (*Saglit.*) Pero dinukot na sila. Natuloy ang protesta laban sa pagpapaputol sa dalawang natitirang puno ng lansones sa bundok nito lamang nakaraan. Habang ang mga magulang nati'y pinaglalamayan; at ngayon, inililibing.

MANUEL Pero hanggang ngayo'y hindi pa rin nabubuo sa akin ang kuwento kung paano sila dinukot at pinatay...

EMAN Ano pa bang dapat idagdag sa kuwento? (*Saglit.*) Walang nabubuong kuwento kapag may nawawala o kahit muling matagpuan ang nawala. (*Saglit.*) Kapag may nawawala, kapag natatagpuan na ang kanilang mga bangkay—kung matatagpuan pa nga ang kanilang mga bangkay—naiiwan sa kanilang mga mukha ang paraan ng kanilang pagkamatay. Ito ang tanging kuwento, Manuel. Ebidensya ang mga latay sa kanilang balat. Ang mga nawawalang bahagi ng kanilang katawan, ng nawawalang mga kuko ni Nanay. Katulad ng kanilang mga katawan, hindi na rin nakukumpleto ang kuwento. Parati itong kulang. Parating itatanong ng mga naiwan, saan dinala, napunta ang mga nawawalang parte ng katawan? Saan dinala ang kanang kamay ng Tatay? Anong bakal o kahoy o kung anong ihinambalos para magkaroon ng gayong sugat sa kanyang mga paa?. Bakit nadurog ang kanilang mga buto sa kanilang bungo? Ilang hibla ng buhok ang nalagas sa pagpapahirap? Ilang ngipin? Anong pagkagalak, o pananabik, ang namutawi sa mga pisngi ng ating mga magulang nang itapat sa kanilang mukha ang baril? At nang ito ay iputok...

*Katahimikan. Isang lagok na uubusin ni EMAN ang iniinom na kape.*

EMAN Bang! (*Saglit.*) Bang! Bang!

MANUEL Katulad ka na ng Tatay magsalita. Magiging lider ka rin.

EMAN Hindi pwede. Hindi ko ka-boses ang Tatay. Sayang. Gusto ko sanang maging katulad ng Tatay. (*Saglit.*) Hindi dapat madadamay ang Nanay kung hindi siya nagpumilit maisama nang dukutin si Tatay. Alam mo ba ‘yon?

MANUEL Hindi.

EMAN Ngayon alam mo na.

MANUEL Kanino mo nalaman ‘yan? ‘Yan ang hinihintay kong kuwento. Alam mo naman pala. Sabi ko na nga ba...

EMAN (*Buntong hininga.*) Sabi nung isang nakasaksi—

MANUEL May nakasaksi?

EMAN Oo. Mayroong saksi.

MANUEL Sino?

EMAN Hindi mo na kailangang malaman. Para sa kaligtasan na rin daw niya, ayaw niyang ipaalam. Natatakot siya. Isa sa mga natatakot magpakilala para magpahayag ng katotohanan. Itago na lang natin siya sa pangalang... Alejandro.

MANUEL Alejandro— Nakausap mo siya nang personal?

EMAN Pumunta siya sa isang gabi ng lamay. Nilapitan niya ako at sinabing kailangan akong makausap ni Alejandro. Magkita raw kami.

MANUEL Sinong lumapit sa iyo?

EMAN Si Alejandro.

MANUEL Sino yung sinasabi niyang Alejandro na kailangan kang makausap?

EMAN Siya rin.

MANUEL Bakit kailangan pa niyang sabihing “kailangan kang makausap ni Alejandro” kung siya rin naman pala si Alejandro?

EMAN Gano’n katindi ang pagtatago na kailangan para sa nalalaman niyang sekreto.

MANUEL A... Tinagpo mo siya?

EMAN Oo.

MANUEL Saan?

EMAN Tinagpo ko sa siya sa ilalim ng isang punong mangga sa may parang na sinasabing mong pinag-abangan ninyo ng bulalakaw, hindi iyon kalayuan sa pinangyarihan ng pagdukot.

MANUEL Anong ginagawa niya sa parang?

EMAN Nag-aabang din ng bulalakaw, katulad mo.

MANUEL Dapat ay kilala ko siya kung ganoon.

EMAN Bukod doo'y nangunguha din siya ng mga bulaklak ng talahib—

MANUEL Talahib! Bawal ang manguha ng talahib!

EMAN Oo.

MANUEL Malaking parusa ang aabutin niya sa mga otoridad kapag pumipitas ng mga bulaklak ng talahib! Nasa batas ang pagbabawal na iyon!

EMAN Muntik ko nga rin siyang masapak nang sabihin niyang namimitas siya nang talahib.

MANUEL Para saan daw ang talahib?

EMAN Para raw sa altar nila sa bahay niya.

MANUEL Mabuti na lang at hindi ako ang nakipagkita sa kanya. Kung ako'y baka nabugbog ko siya.

EMAN Napigilan ko naman ang sarili ko.

MANUEL May pakiramdam akong kilala ko ang sinasabi mong saksi—

EMAN Hindi na importante ang kanyang tunay na pangalan. Mas importante ang nalalaman niyang kuwento.

MANUEL Ano raw ang kanyang nakita?

EMAN Ayon sa kuwento ni Alejandro'y Kakapitas lamang niya nang ikasampung bulaklak ng talahib nang sa di kalayuan ay nakita niyang may naglalakad na magkaholding hands. Naantig siya sa panginorin ng dalawang naglalakad na magkaholding hands. Bigla na lang daw huminto yung isang sasakyang itim sa kanilang tabi. Bumaba sa sasakyang itim yung apat na lalaking may mga dalang baril. Tinutukan kaagad ang dalawang naglalakad. Hindi na sila nakapagsalita. Sabi raw ng mga may baril, "Sumama ka sa amin." Sabi naman raw ng Tatay. "Ayoko—

MANUEL Matigas pa rin ang ulo ng Tatay—

EMAN Oo. Sabi naman ng Nanay, habang sumisigaw, "Sa'n niyo dadalhin si Anghel? Saa'n niyo dadalhin si Anghel? Sa'n niyo dadalhin si Anghel?"

MANUEL Tatlong beses talaga nagtanong si Nanay?

EMAN Oo. At isang beses lang itong sinagot.

MANUEL Ano'ng isinagot sa kanya?

EMAN "Tumahimik ka."

MANUEL Pinatatahimik mo ako?

EMAN Si Nanay. Pinatatahimik lang si Nanay.

MANUEL A... Sinong hindi nakapagsalita na sinasabi mo, kung nakapagsalita si Nanay?

EMAN May sinasabi ba akong gano'n?

MANUEL Oo.

EMAN Hindi 'yon totoo. Nakapagsalita silang dalawa. Kahit ang mga dumukot sa kanila na mga ahente ng militar.

MANUEL A...

EMAN Isinasama nila si Tatay. Nagmakaawa daw si Nanay na isama siya.

MANUEL Tapos, tapos...

EMAN Itinanong ng dumukot kung anong pangalan ng Nanay.

MANUEL Anong sinabi niya?

EMAN Magda.

*Naghihintay si EMAN ng sagot ngunit wala.*

EMAN Ayaw siyang isama ng mga dumukot sa kanila. Hindi raw siya ang target at kailangan niyang pumila. Malayo pa daw si Nanay sa kanilang listahan.

MANUEL Ang mga hayop ay may listahan!

EMAN Ayaw bumitiw sa pagkakayakap ni Nanay kay Tatay kaya isinama na rin siya. Matapos no'n ay humarurot nang muli ang sasakyang itim.

MANUEL Kilala ko ba si Alejandro?

EMAN Hindi. Bata pa siya, mas bata sa iyo nang ilang taon. Disisyete anyos. Nasa karurukan ng pagbibinata. Nakita niya ang lahat.

MANUEL Sinabi mo na ‘yan sa mga pulis? Ano ang sabi ng mga pulis?

EMAN Hindi ko sinabi sa mga pulis. Magtatanong sila kung kanino ko nakuha ang impormasyon. At kapag sinabi ko ang totoo, baka ang habulin nila’y ang nakasaksi.

MANUEL Ibig sabihi’y tayong dalawa pa lang ang nakakalam nito?

EMAN Oo.

MANUEL Bakit tayo lang? Hindi ba dapat ay alam na rin ito ng mga pulis?

EMAN Walang gagawin ang mga pulis, Manuel. Mas sanay silang walang ginagawa. Mayayamot pa sila kung kailangan nilang imbestigahan ang wala rin naman kapupuntahang kaso. Kung sasabihin ko naman na may saksi na namimitas ng bulaklak ng talahib, baka ang saksi ang kanilang habulin at gawing wanted sa lahat ng sulok ng mundo at makakalimutan na ang ipinunta kong kaso sa kanilang istasyon. Sa bayang ito’y ang mga saksi ang madalas bigla na lamang natatagpuan ang sariling nakakulong. Alam mo ‘yan, Manuel.

MANUEL Alam ko.

EMAN Isa pa’y hindi rin naman nila alam o siguro, alam na nila pero ayaw nilang aminin kung sino ang mga dumukot. (*Saglit. Paglalaruan sa kamay ang*

*bala ng armalite. Ihahagis-hagis. Hindi masasalo. Pupulutin.*) Ngayon naman ay tayo na ang kanilang isusunod. Alam na nating darating tayo sa ganito. Ang tanong na lang ay kailan.

*Muling ihahagis ni EMAN ang bala at sasaluhin ito ni MANUEL.*

MANUEL Nabanggit mo na ito kay Ate Marissa?

EMMAN Oo. Nabanggit ko sa mga magtataho, maggugulay, at mag-a-ice cream... Bakit hindi ko sasabihin kay Marissa?

MANUEL Ano'ng sabi ni Marissa?

EMAN Gusto na niyang lumayo kami. Magpunta daw kami sa kabilang bayan pagkatapos ng libing.

MANUEL Anong desisyon mo?

EMAN Hindi pa ako sigurado.

MANUEL Paano si Elisa?

EMAN Si Elisa nga ang dahilan kaya gusto na ni Marissa na ilipat na lang ng eskwelahan sa kabilang bayan yung bata. Sabi ko kay Marissa'y dapat nalalaman na ni Elisa ang mga ganitong bagay. Sabi ko'y dito na muna kami tumuloy sa bahay natin. Kinakabahan si Marissa para kay Elisa.

MANUEL Noong kaedaran ko si Elisa'y kinakausap na ako nina Tatay at Nanay tungkol sa mga ginagawa nilang pagpupulong. Bata pa lang ako, alam ko

nang may mga umaaligid-aligid sa bahay na kung sinong hindi natin kilala. Sinasabi sa akin nina Nanay.

EMAN Anong tingin mo?

MANUEL Tingin ko na mas mainam na nandito ang bata.

EMAN Pipilitin ko si Marissa na manatili rito kasama si Elisa. Pero parang ayoko na rin siyang pilitin—mas gusto kong nakikita siyang nag-aalala para sa kanyang anak.

MANUEL Kailangan imulat si Elisa habang maaga katulad ng ginawa nila Tatay sa atin.

EMAN Sinabi ko na rin naman kay Elisa ang tungkol sa regalong may bala.

MANUEL Nalaman na rin ni Elisa ang tungkol sa bala?

EMAN Oo. Sinabi ko rin kaagad sa  kanya matapos kong kausapin si Marissa.

MANUEL Kung alam na ito ng lahat, pati na nina Marissa at Elisa... ako na lang pala ang hindi nakakaalam.

EMAN Ganoon nga. Patawad kung hindi ko kaagad nabanggit.

MANUEL Huwag mo nang alalahanin ‘yon, Kuya. Ang importante’y sinasabi mo na sa akin ngayon.

EMAN Salamat.

MANUEL Palagi naman kitang napapatawad, Kuya.

EMAN Alam ko...

MANUEL Anong reaksyon ni Elisa nang sabihin mo?

EMAN Natawa siya.

MANUEL May potensyal siya.

EMAN Lalong nahintakutan si Marissa.

MANUEL Walang kaba?

EMAN Biglang kuminang ang mapupungay na mata ng aking anak. Ngayon ko lamang nakita ang gayong kinang sa mata ng aking anak—

MANUEL Ni takot, wala?

EMAN Walang bahid ni katiting. Parang nasabik pa siya nang marinig ang salitang bala.

MANUEL Tapos—

EMAN Tapos niyakap niya ako. Gusto na raw niyang manood kami ng balita.

MANUEL Si Marissa?

EMAN Kinailangan ko rin kaagad kausapin si Marissa. Kailangan ko siyang pakalmahin. Kaya medyo nagtampo si Elisa dahil hindi ko siya nasamahang manood ng balita.

MANUEL Gusto ko na rin mag-asawa, magkaanak, para may mag-aalala rin sa akin.

EMAN Ngunit wala ka pang syota.

MANUEL Ilang taon nang wala.

EMAN Kailangan mo nang magka-syota.

MANUEL May napupusuan ako.

EMAN Talaga lang, ha...

MANUEL Kailangan ko nang manligaw. Bukas na bukas din, liligawan ko na ‘yung anak ni Aling Taleng.

EMAN Si Amanda?

MANUEL Si Amanda.

EMAN Pwede...

MANUEL Napakaganda ng kanyang pangalan. Amanda. Nagagawa kong matulog nitong mga nakaraang araw kahit noong lamay habang iniisip ko ang kanyang pangalan, ang kanyang mukha, ang kanyang buhok. Amanda. Minsan ko siyang nakatabi sa pamamalengke sa bayan, bumibili siya ng karne ng baboy, porkchop. Ako naman, ng liempo. Biglang humangin at dumikit sa balikat ko ang kanyang mahabang buhok. Tumawad pa siya sa presyo ng porkchop, at siya’y pinagbigyan ng magkakarne. Ganoon siya

kaganda! Sinong hindi iibig sa isang babaeng kayang humingi ng discount sa isang magkakarne...

EMAN Ma' deskarteng nilalang.

MANUEL Nangiti siya at siya'y napatingin sa akin. Unang beses siyang napatingin sa akin na nakangiti. Napakaganda niya.

EMAN Maganda siya.

MANUEL Maganda talaga. Nalalaman daw ang tunay na maganda kapag bumibili ng karne, umiiyak o kaya'y kapag malungkot na sila. Kapag bumibili ng karne, o malungkot o kaya'y umiiyak ang isang babae at maganda pa rin siya, tunay siyang maganda.

EMAN Bakit, nakita mo na ba siyang malungkot?

MANUEL Oo. Noong dumalaw siya upang makiramay. Nakababa lamang ang kanyang ulo. At isang patak ng luha ang nakita kong bumagsak mula sa kanyang pagkakayuko.

EMAN Pero hindi mo nakita ang kanyang mukha nang mga oras na iyon!

MANUEL Sapat na ang kayang isipin ng utak ko at nararamdaman ng aking puso nang mga oras na iyon. Parang may kumurot sa aking dibdib. Mahal ko na ang babaeng ito.

EMAN Malapit siya kay Nanay. Si Amanda ang parati niyang nakakasabay sa pamamalengke. Puntahan mo na si Amanda bukas.

MANUEL (*May pananabik.*) Amanda. Sasabihin ko na sa kanya na gusto ko siyang makasama nang habambuhay. Kahit hindi totoo ang habambuhay dahil puwedeng mawala na rin ako sa mismong oras na sasagutin niya ako ng isang matamis na ‘oo’. Sa mismong oras na iyon, kapag biglang dumating ang sasakyan—

EMAN Itim na sasakyan, Manuel.

MANUEL Kapag biglang dumating ang itim na sasakyan, makikita ko ang kanyang mukhang nag-aalala—sana mag-alala siya, sana matakot siya habang mabilis akong isinasakay sa sasakyan patungo sa kung saan. Papayag naman siguro ang mga kukuha sa akin na masilip siya sa likurang bintana ng sasakyan. Sa oras na iyon, sa mga sandaling iyon, ako na ang magiging pinakamaligayang lalaki sa mundo.

EMAN Paano kung hindi siya mag-alala?

MANUEL Ano... Basta... Sapat na ang nakita kong lungkot at pagbagsak ng isang patak na luha nang dumalaw siya sa lamay.

EMAN Pag-ibig! Kailangan na natin paghandaan ang pagdating ng mga sundalo.

MANUEL Kailangan ko nang paghandaan ang gagawin kong pagdalaw kay Amanda kinabukasan.

EMAN Sandali lang. Ano’ng ihahanda muna natin bukas?

MANUEL Oo nga pala!

EMAN Tawagin mo ulit si Erning.

MANUEL Anong sasabihin ko?

EMAN Sasabihin mo na lang na dalawang sine ang ililibre natin sa kanya—o kung sino man sa atin ang matitira'y siya ang manlilibre ng sine. Kailangan may maipaalmusal man lang tayo kung madaling araw sila darating. O tanghalian o kaya'y mameryeda man lang kung hapon. O hapunan kung gagabihin sila nang dating.

MANUEL Tama.

EMAN Ano na lang ang ipapakain natin sa mga dudukot sa atin kung sakaling gutom sila pagdating dito. Nakakahiya naman sa kanila.

MANUEL Paano kung hatinggabi sila dumating?

EMAN Iinit na lang natin ang handa sa hapunan.

MANUEL Paano kung hindi sila dumating bukas? Sayang ang mga iluluto ni Pareng Erning.

EMAN Walang problema. Magpapaluto tayo araw-araw.

MANUEL Tama! Basta ililibre natin siya sa kung ano't anoman ang mangyari.

EMAN Gano'n nga.

MANUEL Ilang putahe—

EMAN Kailangan siguro natin ng apat na putahe.

MANUEL Sapat na ba ang apat na putahe?

EMAN Hindi ako sigurado. Gawin nating lima.

MANUEL Sa bawat almusal, panghallian, meryeda at hapunan?

EMAN Oo. Nang hindi tayo masyado kinakabahan kung sakaling biglang sampu silang dadating.

MANUEL Ganoon ba karami ang inaasahan nating darating upang dukutin tayo? Hindi ba't apat lang ang dumukot kina Tatay at Nanay?

EMAN Apat lang dahil ang inaasahan lang naman nilang madudukot ay si Tatay. Kung ang dalawa ang target nila'y mas marami sana sila. Iba na ang may paghahanda. Sige na pumunta ka na. (*Saglit.*) Bakit hindi ka pa umaalis?

MANUEL Magpapainit muna ako ng tubig.

EMAN Sige, titingnan ko na lang din muli kung mayroon pang kape.

MANUEL Maraming salamat ngunit bibili na lang din ako sa tindahan ni Aling Taleng.

EMAN (*Mangingiti.*) Mukhang alam ko na ang gusto mong mangyari—

MANUEL (*Kinikilig.*) Alam kong si Amanda ang tindera ngayong dapithapon.

EMAN Sige, magpakulo ka na ng tubig. Hindi na ako maghahanap ng kape.

MANUEL Ngunit ang mga bala.

EMAN Ano ang tungkol sa mga bala?

MANUEL Ano’ng gagawin ko sa mga bala?

EMAN Pakuluan mo.

MANUEL Pakuluan?

EMAN Masarap humigop ng kape lalo’t kung ang tubig nito’y pinaglagaan ng bala. Humihigop sina Tatay at Nanay ng nilagang bala tuwing almusal, alam mo ba?

MANUEL Inaalmusal ang bala?

EMAN Paminsa-minsa’y nakikita ko ring humihigop ang Tatay ng sabaw ng bala kapag dapithapon. Mas nakakapag-isip siguro siya kapag gano’n.

MANUEL Talaga?

EMAN Ayaw mong maniwala?

MANUEL Hindi naman sa gano’n...

EMAN Madalas kong nakikita ang Tatay na pinapakuluan ang mga iyan kapag madaling araw. Pinagsasaluhan nila ng Nanay. Iniinit na lang ng Tatay kapag dapithapon.

MANUEL Sige, gagawin ko rin ang ginagawa na nina Tatay.

EMAN Kailangan ko nang umuwi para sa mag-ina ko. Hinihintay na nila ako.44

MANUEL Mag-iingat ka kuya... Dito muna ako.

*Aalis si EMAN. Maiiwan si MANUEL. Kukunin niya ang takure. Ilalaglag sa takure ang dalawang bala. Nanamnamin ang tunog ng bala at takure. Muli itong kukunin. Muli itong ilalaglag. Mangingiti. Lalagyan ng tubig ang takure. Unti-unting magdidilim.*

## IKALAWANG YUGTO

*Parehong tagpuan. Kinabukasan. Gabi. Sa pagliliwanag, makikitang inaayos ni MANUEL ang mga lalagyan ng mga handa sa mesa. Ilang kaldero at plato din ang nasa mesa. Darating si EMAN.*

EMAN Kamusta ang mga paghahanda para sa hapunan.

MANUEL Unang araw pa lang pero napapagod na raw si Pareng Erning.

EMAN Bakit? Hindi naman ito katulad nang ginawa niyang pagluluto noong burol nina Tatay at Nanay. Ano'ng problema?

MANUEL Mas nakakapagod para sa kanya ang pag-iisip ng kung ano ang iluluto. Kumpara doon sa burol at lamay na lugaw lang nang lugaw ang niluluto niya, at pakulo lang siya nang pakulo ng tubig para sa kape. Nakakapundi

ng isip ang pag-iisip ng susunod na putaheng kailangang ipamalengke at iluto. Kaninang umaga pa siya andito. Kailangan daw niya ng makakatulong.

EMAN (*Mapapaisip.*) Hmmm... May makukuha ba tayong ibang makakatulong?

MANUEL Tatawagin ko ang mga kasama kong nagbabasketball sa plasa.

EMAN Makukumbinsi mo ba sila?

MANUEL Papayag sila basta ako ang humingi ng tulong. Hindi nila ako mahihindian.

EMAN May sayawan sa plasa. Baka wala sila sa plasa. Puntahan mo na lang sa mga bahay-bahay nila.

MANUEL Gagawin ko 'yan pagkatapos nito. Para saan ang sayawan sa plasa? Masyado na akong maraming ginagawa sa kusina para alalahanin pa ang nangyayari sa plasa.

EMAN Binyag ng apo ni Kapitan.

MANUEL Binyag ng apo ni Kapitan?

EMAN Muntik ko na nga rin makalimutan—

MANUEL Kung tama ang naaalala ko'y kinukuha akong Ninong... Nawala na sa isip ko. Andoon sana ako sa sayawang iyon.

EMAN Sayang... ang inasahan ko pa man din kanina'y para sa ating napipintong pagkawala ang sayawang iyon. Akala ko'y sasalubungin na nila nang

masigabo ang mga sundalo sa kanilang pagdating para dukutin tayo. Pero hindi pala...

MANUEL Kung para sa atin iyon ay dapat na naroon tayo't nakikisaya.

EMAN 'San saglit din akong nawalan ng loob nang nalaman kong di iyon para sa atin.

MANUEL Huwag mo nang isipin 'yon, Kuya. Lagi namang mas mahalaga ang binyag kaysa kamatayan.

EMAN Ganoon nga siguro. (*Saglit.*) Kailangan ko ng malamig na tubig...

MANUEL Bakit mo kailangan ng malamig na tubig?

EMAN Nauuhaw ako.

MANUEL May malamig sa tapayan.

EMAN (*Kukuha ng tubig. Iinumin ito.*) Andoon ang mga Ninong ni Elisa sa plasa. Pupuntahan ko sila mamaya nang kaunti para yayaing makatulong kinabukasan sa pagluluto.

MANUEL Parang ganoon nga ang kailangang mangyari. Gustong magpahinga ni Pareng Erning mamayang madaling araw. Walang maghahanda ng almusal para bukas.

EMAN Kailangan mo na ring puntahan ang mga kasama mong nagbabasket.

MANUEL Pupuntahan ko na rin sila pagkatapos ng lahat ng ito. (*Saglit.*) Hindi naman nasayang ang continental breakfast na hinanda ni Pareng Erning kanina.

EMAN Saan niya dinala?

MANUEL Kinain namin. Ang mga natira'y sa mga baboy dinala.

EMAN Ang tanghaliang paella at iba pa?

MANUEL Ibinigay na niya sa mga pato at mga manok—kanin pa rin ang mga iyon. Ang meryenda'y ibinigay na lamang sa sayawan na nangyayari ngayon sa plasa. Kung alam ko lang kanina na binyag lang pala iyon ng apo ni Kapitan at hindi bilang pagsalubong sa napipinto nating pagkawala, hindi ko na sana ibinigay sa pinag-abutan ko.

EMAN Huwag mo nang isipin 'yon. Mabuti't may pinupuntahan pa rin naman ang lahat ng ginagawa nating paghahanda. Kulang pa nga ito. Kung bilyunaryo nga lang tayo'y araw-araw na magkakaroon ng sayawan sa plasa. (*Saglit.*) Nasaan na pala si Erning?

MANUEL Pinapakuluan pa ni Pareng Erning ang karne ng baka para sa kaldereta.

EMAN Hinuli talaga ni Erning ang kaldereta—

MANUEL Alam naman ng buong Bayan ng Santa Barbara na pagdating sa pagluluto ng kaldereta, walang tatalo kay Pareng Erning.

EMAN Balita ko'y kinukuha rin siya para doon sa sayawan kanina.

MANUEL Mabuti't humindi.

EMAN Pasalamat tayo't mas matimbang tayo kay Erning. (*Saglit.*) Mukhang masarap ang mga ito.

MANUEL Natikman ko na rin lahat bago ka dumating.

EMAN Kamusta.

MANUEL Mabuti.

EMAN Pakikuha mo nga ako ng kutsarita, gusto kong tikman ang lahat.

MANUEL (*Iaabot ang isang kutsarita.*) Ito, Kuya Eman.

EMAN Kutsara pala. Masyadong maliit ang hawakan niyan, mahihirapan ako.

MANUEL (*Iaabot ang kutsara.*) Narito.

EMAN Tinidor na rin. Gusto kong malaman kung malambot din ang karne sa igado at beef steak.

MANUEL (*Iaabot ang isang tinidor.*) Balak mong tikman ang lahat?

EMAN Oo. Ang lahat. Gusto kong tikman ang lahat. Mahirap na. Baka hindi tayo mapatawad ng mga dudukot sa atin kapag hindi malambot ang mga karne at kung hindi ito masarap. Isa pa'y baka ito na ang ating huling pagkain.

MANUEL Kakain ka nang marami?

EMAN Hindi masyado. (*Titikman ang isa at isa pa.*) Masarap ang isang ito.

MANUEL Makakarating kay Pareng Erning.

EMAN Ang isa namang ito’y medyo maalat.

MANUEL Sasabihin ko kay Pareng Erning.

EMAN (*May ninanamnam.*) Matamis! Masarap ang isang ito. (*Saglit.*) Kung ako ang pupunta rito upang dumukot, ito at ang isang ito ang pipiliin ko.

*Katahimikan.*

EMAN Ano ‘yon, Manuel?

MANUEL Wala.

EMAN Bakit bigla kang natahimik?

MANUEL Wala nga.

EMAN A.. Mayroon. Sabihin mo na. Ako rin naman.

MANUEL Talaga? Ikaw rin?

EMAN Oo.

MANUEL May ibabalita ako.

*Saglit.*

EMAN Ako rin.

MANUEL Mauna ka.

EMAN Ikaw na ang mauna bilang ikaw ang unang bumanggit sa ibabalita.

MANUEL Kung iyong nais, Kuya. Ako na ang mauuna.

EMAN May ligayang langit ba ang balitang iyan katulad ng mga nilutong ito?

MANUEL Meron.

EMAN Sa akin ay wala.

MANUEL Bakit?

EMAN Mamaya na. Ikaw na muna ang mauna. Ano'ng ligayang langit ang hatid niyan?

MANUEL Para akong nakarating sa ikapitong ilog.

EMAN Para ka nang 'nakarating sa ikapitong ilog'— Sandali, nagbabasa ka na rin ba ng mga libro ngayon?

MANUEL Tama ka, Kuya. Nagsimula ako kaninang madaling araw.

EMAN Kamangha-mangha ang pagbabago ng iyong mga sinasabi— Para kang 'nakarating sa ikapitong ilog'...? Hindi mo sasabihin 'yan sa mga ordinaryong araw. Kung ordinaryong araw, hindi ganyan... Pero balewalain mo ang aking sinasabi. Ano'ng iyong binasa?

MANUEL Binasa ko ang mga tula nina Kassandra Aleman, Red Juancho. Pati ang kay Emmanuel Concepcion—

EMAN	Ang pinanggalingan ng ating mga pangalan. Emmanuel. Hindi ka pa pinapanganak ay binabanggit na ni Tatay na Manuel ang kanilang ipapangalan sa iyo.

MANUEL	Naikuwento rin ‘yan sa akin ni Nanay. Nakalimutan kong sabihin, binasa ko rin ang mga tula nina Fedring Norte at Harold Parks.

EMAN	Hindi ko pa nababasa si Parks.

MANUEL	Sasampolan kita ng mga huling linya. Hindi na ako pinatulog ng tulang ito.

EMAN	Sige.

MANUEL	Libro ng mga tula ni Parks ang una kong nabuklat. Pagkatapos no’y wala nang kabusugan ang aking mga mata sa kakabasa ng mga sumunod pang mga libro. Pero lagi kong binabalikan ang tulang ito ni Parks.

EMAN	Bakit?

MANUEL	Pumapasok lagi sa isip ko sina Tatay at Nanay.

EMAN	Makikinig ako...

*Bibigkasin ang tula.*

MANUEL	Ganito:

At kung tayo’y umuuwi sa pagpikit, pananaginip
Tayo’y maglalakad sa lilim ng mga punong

Ang mga paana'y namumukadkad sa dugo

Mula sa natimbuwang na mga bulaklak

EMAN Napakaganda... "Namumukadkad sa dugo..." "...natimbuwang na mga bulaklak..."

MANUEL Paborito ko ang mga huling linya. Kailangan mo siyang mabasa, Kuya Eman.

EMAN Ang alam ko'y nabasa ko na ang lahat ng libro sa bahay na ito. May nakaligtas pa pala sa akin. Totoo ngang kahit marami na akong binasa'y kulang pa rin ang lahat ng iyon.

MANUEL Tama—

EMAN Ang mga binasa mo... Mabibigat ang mga pangalang binasa mo. Natapos mo silang lahat sa isang madaling-araw lang?

MANUEL Mga tula. Madali lang sila basahin.

EMAN Mabuti't nagbabasa-basa ka na. Binabati kita.

MANUEL Kailangan ko silang mabasa bago ako magsising mawawala na ako sa mundong ito nang hindi man lang sila nababasa. (*Saglit.*) Kung sana'y ako na lang ang nakakita sa katawan nina Tatay at Nanay...

EMAN Maraming bagay ang hindi natin kontrolado sa mundong ito.

MANUEL Katulad ng kung hanggang kailan ang ating paghihintay...

EMAN Oo. (*Saglit.*) 'Yon na ba ang ibabalita mo?

MANUEL Balita?

EMAN Oo. Ang iyong ibabalita. Anong sinasabi mong ibabalita mo?

MANUEL (*Matatauhan.*) A! Si Amanda—

EMAN Anong balita si Amanda?

MANUEL 'Yung napag-usapan natin kagabi.

EMAN Masyado akong napagod sa libing kahapon, hindi ko maalala ang lahat ng detalye.

MANUEL 'Yung tungkol sa pagpunta ko sa kanya—!

EMAN Sinagot ka na ni Amanda?

MANUEL Nakuha mo!

EMAN (*Masaya, kakargahin si MANUEL na parang bata. Natatawa. Iiikot nang iiikot si MANUEL.*) May syota na ulit ang kapatid ko! May syota na ulit! May syota na ulit!

MANUEL (*Natatawa.*) Nahihilo na ako, Kuya. Ibaba mo na ako. Nahihilo na ako. Ayokong magsuka.

EMAN (*Ibababa si MANUEL. Tumatawa.*) Nadala lang ako. Kailan pa?

MANUEL Huminahon ka, Kuya. Relaks lang. Kagabi nangyari. Pag-uwi mo sa bahay niyo ni Marissa, bumili ako ng kape sa tindahan ni Aling Taleng...

EMAN At—

MANUEL At naroon—

EMAN At naroon si Amanda!

MANUEL Naroon si Amanda.

EMAN Nakangiti ba siya nang ika'y nakita niyang paparating?

MANUEL Hindi sa simula. Ngunit habang papalapit ako at nginingitian ko siya'y nakita kong nagbabago ang kanyang pisngi, ang lawas ng kanyang mukha mula pagkamangha tungo sa pananabik.

EMAN Palagay mo lang 'yan. Maraming namamatay sa akala—

MANUEL Parang alam na niyang naubusan na tayo ng kape, at parang alam na niyang pupunta ako para bumili. May electric fan sa kanyang likod dahil sadyang mainit ang panahong ito sa ating Bayan ng Santa Barbara. Inililipad ng hangin patungo sa kanyang mukha ang kanyang buhok. At naligaw ako sa alon ng kanyang buhok.

EMAN Makata.

MANUEL Ang kanyang buhok na naramdaman kong dumampi sa aking... sa aking balikat noong bumibili kami ng karne sa palengke. Bigla kong naalala ang

mga tula ng pag-ibig ni Alfonso Olaguer. Na malamang ay nabasa mo na rin—

EMAN Nabasa ko na siya. Mahusay siya.

MANUEL At pagkatapos ay, binigkas niya...

EMAN Anong sinabi niya?

MANUEL "Ano 'yon, Manuel?"

EMAN Tapos...

MANUEL Sinabi ko, "Kape."

EMAN O...

MANUEL Tapos, sinabi niya sa pinakamalumanay na tinig sa lahat, na kanina pa niya ako hinihintay, na alam niya ang aking ipinunta sa tindahan.

EMAN Paano niya nalaman?

MANUEL Sinabi na raw sa kanya ni Aling Taleng. Matapos ang libing, dumating raw si Aling Taleng sa kanilang tindahan na bitbit-bitbit ang napakaraming kape at asukal.

EMAN Mabilis kumalat ang balita.

MANUEL Mabilis talaga! At mabilis na rin niya akong sinagot sa lahat ng aking mga naging tanong. Maliban sa isa...

EMAN Maliban sa isa—

MANUEL Maliban sa isa.

EMAN Ano’ng isa?

MANUEL Kung handa siyang magpakasal sa akin.

EMAN Ano ang kanyang sinabi?

MANUEL Pag-iisipan daw muna niya.

EMAN Anong kailangan niyang pag-isipan. Sinagot na niya halos lahat ng iyong mga tanong!

MANUEL Bigyan ko raw siya ng panahon.

EMAN Ano’ng panahon? Wala nang panahon. Maaring mamaya, bukas-makalawa’y hindi na kayo maaaring magkita nang tuluyan.

MANUEL Sinabi ko rin sa kanya ang bagay na iyan. Sabi niya’y mamayang hatinggabi ko raw malalaman.

EMAN Baka may nasabi kang pwedeng nakapagpabago sa kanyang isip kaya kinailangan ka niyang paghintayin hanggang mamayang hatinggabi?

MANUEL Wala akong naaalala. Nakangiti siya sa buong panahong kami’y nag-uusap. Ako ang kinabahan. Sinabi ko sa kanyang baka dukutin na ako ng mga sundalo anumang oras. Dinagdagan niya ang aking biniling kape.

Buy one take one daw para sa akin. Dahil ako ang bumili ay may libreng isa.

EMAN At ang halik?

MANUEL Anong halik?

EMAN Nahalikan mo ba siya?

MANUEL Bakit ko siya hahalikan?

EMAN Dahil kayo na!

MANUEL Dahil ba kami na'y kailangan ko na siyang mahalikan kaagad?

EMAN Dapat.

MANUEL Hindi.

EMAN Hindi dapat?

MANUEL Hindi sa hindi dapat. Ang ibig kong sabihi'y hindi ko siya nahalikan.

EMAN Hindi! Isa kang mahinang nilalang.

MANUEL Imposible! May screen ang tindahan at hindi namin magagawa.

EMAN Kapag may gusto, may paraan—

MANUEL Kapag ayaw, maraming dahilan. Narinig ko na 'yan. Paulit-ulit na sinasabi 'yan ni Tatay. Kaya parati akong nagkakaroon ng paraan para makatakas

at makarating sa parang para tumambay. (*Saglit.*) Ang ginawa na lang niya'y tumingala at ipinakita sa akin ang kanyang—

EMAN Ang kanyang—

MANUEL Ang kanyang leeg.

EMAN Ang kanyang leeg?

MANUEL Ang kanyang perpektong leeg. At sinabing sa susunod na aming pagkikita'y pati iyon ay maaari ko nang mahalikan.

EMAN Kinky!

MANUEL Ngayo'y nagdadalawang isip ako kung pupuntahan ko pa siya mamayang hatinggabi upang malaman ang kanyang sagot sa iniaalok kong kasal.

EMAN Sana'y isa o dalawa lang ang maging anak ninyo. Mahirap magpalaki ng mga anak sa panahong ito. Kaya kami ni Marissa'y itinaga na sa bato na isa lamang ang aming magiging anak, na hindi na namin susundan si Elisa.

MANUEL Paano niyo napagdesisyunan? Hindi ba mahirap?

EMAN Ilang gabi kaming nag-iiyakan. Ilang gabi ko siyang kinukumbinse na hindi pwede ang isang libong anak na gusto niya. Hindi ako tumigil hanggang hindi siya pumapayag na isa lang. Sinabi ko sa kanyang mahirap ang magpalaki ng anak sa panahong ito. Mahal ang mga bilihin. Mahal

magpaaral. Mahal manganak. Isa pa’y maraming namamatay na dilat ang mga mata sa panganganak pa lang.

MANUEL Malungkot.

EMAN Kung alam mo lang ang hirap namin gabi-gabi matapos maipanganak si Elisa.

MANUEL Nakikinita ko. (*Saglit.*) Mukhang patungkol kay Marissa ang iyong ibabalita—

EMAN Tama. (*Saglit.*) Hindi pumayag si Marissa sa napag-usapan natin.

MANUEL Marami na tayong napag-usapan. Alin doon?

EMAN Ang tungkol kay Elisa.

MANUEL Hindi aalis si Elisa?

EMAN Aalis si Elisa. Hindi pumayag si Marissa na manatili si Elisa dito. Ayaw ni Marissa na maranasan ni Elisa sa mura niyang edad ang paghihintay at paghahanap sa kanyang Tatay na posibleng mawala. Nakikita ni Marissa ang nangyayari sa atin ngayon. Ang sinabi na lang niya’y tumira muna si Elisa sa kaniyang mga kapatid sa kabilang bayan ng Santa Filomena at siya, ang aking asawa, ay mananatili rito. Kailangang magkasama raw kami kung sakaling mangyari ang mangyayari.

MANUEL Kinausap mo si Elisa...

EMAN Oo. Ayaw din niyang umalis. Pero anong magagawa ng isang sisiyam na taong gulang sa harap ng kanyang ina?

MANUEL Magdabog?

EMAN Hindi.

MANUEL Magpabili ng ice cream?

EMAN Hindi.

MANUEL Suko na ako.

EMAN Ang magpatimpla ng gatas. Sabay sabing: “Sama-sama kami kung sakaling mangyari ang mangyayari. Wala dapat wala sa paligid kapag nagkataon.” Halos katulad ng sinabi ng kanyang Ina pero hindi naman sila nagkopyahan. Kinausap ko sila nang hiwalay.

MANUEL Pareho sila ng sinabi?

EMAN Nagmana sa nanay ang batang iyon. Ngunit may kakaiba kay Elisa—

MANUEL Anong kakaiba?

EMAN May idinagdag siya.

MANUEL Sa edad niyang siyam na taon ay may kaya na siyang idagdag sa usapin ng pagkawala?

EMAN Nakalulungkot, pero oo.

MANUEL Ano pa ang kanyang sinabi?

EMAN Gusto niyang maramdaman ang nararamdaman natin ngayong paghihintay. Gusto niyang maranasan ang naranasan nating paghahanap—na mahigpit na tinututulan ni Marissa.

MANUEL Natatakot ako para sa kanya.

EMAN Ako rin.

MANUEL May malaking potensyal ang batang iyan na siya'y mawala sa murang gulang na siyam.

EMAN Tama.

MANUEL Paano kung hindi tayo ang mawala kundi si Elisa? Paano kung si Elisa pala ang sunod nang target at hindi tayo?

EMAN Hahanapin natin si Elisa! Sisigaw ako nang sisigaw: (*pasigaw*) "Nasaan ka si Elisa!? Nasaan ka Elisa!?" Hahanapin ko siya sa kahit saang sulok ng mundong ito.

MANUEL Huwag kang sumuko, Kuya. Kung nagawang mong kumbinsihin si Marissa na huwag manganak nang marami, magagawa mo ulit siyang makumbinse na mas magiging maayos ang lahat kung mananatili si Elisa sa bayang ito, sa atin.

EMAN Gagawin ko ang lahat. Hindi ako susuko. (*Saglit.*) Ang mga anak ang dapat naghahanap at naglilibing sa kanilang mga magulang.

MANUEL Alam nating hindi na ‘yan totoo ngayon! Marami nang magulang ang naghahanap sa mga nawawala nilang anak. Marami nang magulang ang napapabalitang nakikita na lamang ang kanilang mga anak na luray-luray. Marami nang magulang ang nakita nating naglilibing ng kanilang mga anak. Tulad ng sinabi mo, iba na ang panahon ngayon.

EMAN Pero may tiwala pa rin ako. Alam kong kahit sino sa kanilang dalawa ang mawala ay ganoon din ang gagawin ko. (*Saglit.*) Hindi malabong mangyari ang sinasabi mo, Manuel. Tayo ang target at hindi si Elisa.

MANUEL Posible pa rin na si Elisa ang target. Wala nang imposible sa panahong ito, Kuya. Upang pahirapan ang target, ang mga mahal sa buhay ang kanilang dudukutin at pahihirapan. Alam nating taktika ‘yon ng mga nasa militar.

EMAN Masyado ka nang maraming binabasa—

*Isang trak ang maririnig na paparating. Pupunta si MANUEL sa may bandang bintana.*

MANUEL Ayan na sila!

EMAN Umayos ka ng upo. Kailangan ng dignidad sa pagkawala. Iyon na lamang ang matitira sa atin. Ang dignidad ng mawawala na huling makikita ng mga makakasaksi. Sasabihin ng mga makakasaksi: “Iba talaga si Eman! Nawala nang may dignidad!”

MANUEL Malapit na sila, Kuya Eman!

EMAN Sino?

MANUEL Nakikita ko sila mula rito.

EMAN Anong hitsura ng sasakyan?

MANUEL Isang sasakyan ng mga sundalo!

EMAN Kung sasakyan ng sundalo ang mga iyan, hindi sila ang mga dudukot sa atin.

MANUEL Paano mo nasabi?

EMAN Isang sasakyang itim ang umiikot para mandukot. Hindi ka ba nakikinig sa sinabi kong nabanggit ni Alejandro nang mawala sina Nanay?

MANUEL Nalimot ko panandali.

EMAN Isang itim na sasakyan. Minsa ay itim na van ang kanilang ginamit.

MANUEL Maraming sakay na sundalo.

EMAN Baka may operasyon na naman.

MANUEL Operasyon?

EMAN May mga tinutugis silang mga namumundok!

MANUEL Bakit sila namumundok?

EMAN Sila ang mga naniniwalang hindi marapat ang mga Draconian Laws sa bayang ito.

MANUEL Draconian Laws?

EMAN Hindi mo pa nababasa ang libro tungkol sa Draconian Laws? Kulang ka pa nga ng mga nababasa.

MANUEL Ano na nga ang Draconian Laws?

EMAN Malilit na pagkakasala na sadyang napakabigat ng parusa. At mga malalaking pagkakasala na halos walang parusa.

MANUEL Katulad ng—

EMAN Katulad ng pagnanakaw ng mga opisyal ng gobyerno sa pondo ng mamamayan pero walang napaparusahan.

MANUEL Namumundok dahil sa mga opisyal ng gobyerno.

EMAN Tumpak! Namumundok dahil sa gobyernong ito.

*Lalampas ang tunog ng sasakyan sa kanila. Muling makakarinig ng isa pang sasakyan na paparating.*

MANUEL (*May inaaninag.*) May nakikita pa akong kasunod ng trak ng mga sundalo!

EMAN Ano?

MANUEL Isang sasakyang itim katulad ng sinasabi mo!

EMAN Baka iyan na ang sinasabi ni Alejandro na sasakyang dumukot kina Tatay!

MANUEL Baka...

EMAN Maghanda ka na. Para sa atin na ang sasakyang iyan.

*Lalampas muli ang sasakyan.*

MANUEL Mukhang hindi na naman para sa atin ang dumaan.

EMAN Sa kabilang bayan ng Santa Filomena siguro ang kanilang punta.

MANUEL Kanina'y nabalitaan kong may dinukot sa bayan ng Santa Filomena.

EMAN Hindi ko nabalitaan 'yan. Sino!?

MANUEL Nabanggit lang ni Pareng Erning. Sa gitna raw ng kanilang piyesta mismo nangyari!

EMAN Sino raw ang mga dinukot? Huwag mong sabihing sila Aling Maria at Mang —

MANUEL Hindi.

EMAN Mga matitibay din sa pulong kasama nina Tatay at Nanay.

MANUEL Hindi sila Aling Maria at Mang Jose ang dinukot.

EMAN Mabuti naman at hindi sila. Magaganda ang kanilang planong nabanggit sa akin noong dumalaw sila sa burol nina Nanay at Tatay. (*Saglit.*)

Naramdaman na rin siguro nila na nalalapit na ang kanilang pagkawala kaya nagdiwang na sila bago pa man mahuli ang lahat.

MANUEL Hindi nga sila ang dinukot. Yung isa pang lider nila... Ihinatid pa nga raw ng mga kababayan ang mga dinukot sa sasakyan ng mga dudukot!

EMAN Sino?

MANUEL Hindi ko pa kilala. Bukas ko malalaman kapag namalengke ako.

EMAN Kung sino man sila, mahusay ang ginawa ng kanilang bayan! Napakahusay! Suportado sila ng buong bayan!

MANUEL Sana'y ganoon din sila sa atin. Hindi ko maramdaman sa bayan natin ang pagkasabik para sa ating pagkawala.

EMAN Baka hindi pa sila nakakabawi sa pagkagalak sa pagkamatay ng ating mga magulang. Hindi pa sila naniniwalang maaaring mangyari ang pagdukot nang magkakasunod sa isang pamilya. Ayaw nilang tanggapin sa mga sarili nila na maaaring mangyari ang ganoon. Ikababaliw nila kung maibabalita sa lahat ng sulok, sa lahat ng dyaryo, at radyo ang posibleng mangyari sa liblib na bayang ito.

MANUEL Ayaw nilang makisabik sa atin? O baka nasasabik na rin sila, hindi lang nila ipinapahalata...

EMAN Nahihiya sila?

MANUEL Nahihiya sa naubos nilang kape at asukal sa burol nina Nanay at Tatay.

EMAN Sana hindi. Alam kong tutulong sila sa oras na may mawala sa atin. May tiwala ako sa ating mga kababayan. Makikihanap sila kapag tayo ang nawala. Hindi na nila matatanggap kung sakaling sa isang buong pamilya mangyari ang pagkawala.

MANUEL Sana nga... (*Saglit.*) Mukhang walang darating sa gabing ito.

EMAN Unang gabi pa lang naman ng ating paghihintay. Huwag tayo masyadong magmadali. (*Saglit.*) Kagabi...

MANUEL Ano, Kuya?

EMAN Hindi ko pa nababanggit sa iyo.

MANUEL Ang alin ang hindi mo nabanggit kagabi?

EMAN Hindi kagabi. Kagabi nangyari. Babanggitin ko pa lang.

MANUEL A...

EMAN May sumusunod sa akin kagabi habang pauwi na ako sa aming bahay ni Marissa.

MANUEL Isang sasakyan? Itim?

EMAN Isang motor.

MANUEL Itim na motor?

EMAN Oo. Pero silverish. Stainless steel ang ibang bahagi. Nang tinignan kong mabuti'y isa itong Ducati. Itim na Ducati

MANUEL Ducati ang ginagamit na motor ng mga ahente ng militar sa pananambang?

EMAN Baka...

MANUEL Ilan ang nakasakay sa Ducati?

EMAN Dalawa.

MANUEL Tipikal?

EMAN Paanong tipikal ang sinasabi mo?

MANUEL Naka-jacket.

EMAN Naka-jacket na itim.

MANUEL Tapos?

EMAN Naka-shades.

MANUEL Akala ko gabi?

EMAN Oo nga.

MANUEL Bakit naka-shades kung gabi?

EMAN Ewan ko. Nakahelmet kaya siguro dinadaya na lang din ako ng aking paningin. O baka hindi rin sila naka-shades... pakiramdam ko lang siguro.

MANUEL Malalaki ang katawan?

EMAN Mataba yung isa.

MANUEL At ‘yung isa?

EMAN Mapayat.

*Magtitinginan ng kaanyuan ng isa’t isa ang isa’t isa. Saglit.*

EMAN Ikaw?

MANUEL Hmp? Baka ikaw!

EMAN Ikaw! Payat ka!

MANUEL Ano ngayon kung payat ako? Hindi ako ang nakasakay sa motor.

EMAN (*Saglit. Anyong nagdududa. Makukumbinse ang sariling hindi totoo ang hinala.*) Tama. Imposible. Di ba, imposibleng ikaw ang nakasakay sa motor? (*Matatawa.*)

MANUEL (*Matatawa.*) Baka naman ikaw yung matabang nakasakay sa motor.

EMAN Mas imposible ‘yan. Ako ‘yung naglalakad.

MANUEL Nakilala mo ang mga nakasakay?

EMAN Hindi. Kaya siguro nagdududa ako ngayon kung ikaw ang payat na nakasakay sa motor. (*Matatawa.*) Pero imposible naman na gugustuhin mo akong mamatay. Hindi ba?

MANUEL Hindi. Kung may papatay man sa ati'y dapat ibang tao.

EMAN Tama ka, hindi ikaw 'yon. Madilim noon. Isang nakapanlolokong ngiti ang nipis ng buwan. At sa posisyon ng mga bituin, malamang ay nasa bandang alas-onse na. Madilim na madilim at ang mga sakay ng itim na Ducati ay mga nakahelmet, nakadyaket.

MANUEL Ibang tao ang nakasakay sa motor. Hindi ako 'yon. (*Saglit.*) Para... Para siguro mabalanse ang timbang sa motor!

EMAN Gano'n nga siguro. Tama, ganoon nga siguro.

MANUEL Anong ginawa nila pagkatapos?

EMAN Napansing kong nakaumbok ang likuran ng payat na naka-angkas. Nakalagay din sa likod ang kaliwa niyang kamay.

*Ilalagay ni MANUEL ang kaliwang kamay sa likod ng kanyang baywang.*)

MANUEL Kaliwete ang payat, ibig sabihin.

EMAN 'Yan; ganyang-ganyan. Tapos...naisip kong—

MANUEL (*Magkakamot.*) Ang dami mong iniisip. Baka naman nangangati lang ang kanyang likuran kaya nakalagay ang kaliwa niyang kamay doon.

EMAN Ang lahat sa paligid ay kailangang obserbahan kung alam mong target ka. Malakas ba ang hangin? Bumabagsak ba ang mga dahon ng akasya at kamachile sa lakas ng hangin? May mga ibon bang lumilipad-lipad? O paniki kaya? Dahil kung walang ibon o paniking lumilipad-lipad, at malakas ang hangin, ibig sabihi'y uulan—kahit hindi malakas, ang sigurado'y uulan. Kailangang matalas ang pakiramdam sa lahat.

MANUEL Pag-aaralan ko 'yan.

EMAN Akala ko'y kukunin na nila ako kagabi. Pauwi pa lang ako mula rito. Ilang kilometro pa lang ang aking nalalakad.

MANUEL Tumakbo ka?

EMAN Hindi.

MANUEL Ano'ng ginawa mo?

EMAN Binagalan ko ang lakad ko.

MANUEL Hindi ba dapat ay binilisan mo?

EMAN Gusto kong maramdaman ang bawat saglit bago ako mamatay kung tatambangan na nila ako nang mga oras na iyon. Sa mga pinapatay o tinatambangan, hindi nila inaasahang mangyayari ang ganoon kaya namamatay silang dilat ang mata. Sasabihin ng kanilang utak na may nakalimutan silang gawin sa saglit na pagitan ng pagkarinig sa pagputok ng baril at pagtama ng bala sa kanilang likod o batok. Ang nakita na lang

nilang nag-i-slow motion sa kanilang paningin ay ang biglaang paglabo ng kanilang dinadaanan pauwi. Ang simbilis ng lintik na pagdaan ng kanilang mga naging danas sa buhay—mga tuwa at lungkot, pagkabigo at hinahangad, galit at pag-ibig. Sa kanilang pagbagsak sa lupa o semento'y hindi makakahupa sa kanilang mga pisngi ang sindak na iyon na pala ang kanilang sandali ng kamatayan ngunit hindi nila napaghandaan. (*Saglit.*) Kaya binagalan ko.

MANUEL Nasa bandang kaliwa o kanan ka ng daan?

EMAN Hindi na importante. Depende iyan kung saan ka nakaharap. Kung bigla akong tumalikod ay mapupunta sa kaliwa ang aking kanan. (*Saglit.*) Nagpunta ako sa isang puno. Umihi ako.

MANUEL Ninamnam mo ang mga nalalabi mong sandali sa pag-ihi? Napakasarap naman na pakiramdam. Nagawa mo pang dinggin ang tawag ng kalikasan... Nakakainggit ka.

EMAN Naghintay ako.

MANUEL Wala silang ginawa—

EMAN Biglang nagtanong ang mataba.

MANUEL Yung nagda-drive?

EMAN Yung nagda-drive.

MANUEL Anong tanong?

EMAN Kung saan daw ang daan papuntang Bayan ng Shambala.

MANUEL Ngayon ko lang narinig ang Bayan ng Shambala.

EMAN Hindi lugar ang Shambala.

MANUEL Ano ang Shambala?

EMAN Isang estado ng sobrang kahinahunan at katahimikan ng kalooban.

MANUEL Mga ermitanyong nakamotor pala ang iyong nakasalamuha ng mga sandaling ‘yon.

EMAN Pero baka nagkakamali lang ako. Baka may Bayan talaga na kung tawagi’y Shambala. Baka may kamag-anak sila doon at nagkataong, ako na hindi nakakaalam, ang kanilang napagtanungan kung nasaan ang bayang iyon..

MANUEL Itinuro mo kung nasaan ang hinahanap nilang Shambala?

EMAN Oo. Pinatulan ko ang kanilang tanong. Inilagay ko ang aking kaliwang kamay sa tapat ng aking dibdib at sinabing “Narito.”

MANUEL Hmp?

EMAN (*Ilalapat ang palad sa dibdib ni MANUEL.*) Narito.

MANUEL Hmp?

EMAN Mukhang hindi mo nakuha ang ibig kong sabihin. Gayon din naman sila. Ganyang-ganyan din ang kanilang reaksyon. Tatlo na kayong hindi nakaintindi.

MANUEL Siguro...

EMAN Sinabi ko na lang pagkatapos na lumiko kayo sa kanan. Kapag nakarating kayo sa bandang paanan ng bundok, kumaliwa sa nag-iisang poste ng ilaw. Inportante ang pagkaliwa sa nag-iisang poste ng ilaw. Dumiretso ulit. Tapos kanan. Tapos kaliwa. Tapos, may makikita silang rotonda. Pasadahan ang rotonda. Tapos diredirecto lang ulit hanggang sa abot ng tanaw. (*Buntong hininga.*) Inihatid ko sila sa isang bayan na matatagpuan lamang sa puso.

MANUEL Natandaan naman nila—

EMAN Dapat nilang matandaan. Walang naliligaw kung ang lahat ay patungo sa puso.

MANUEL Mainam kung nakakatulong sa mga nangangailangan. Pero, baka isang pananakot lang ang nangyari.

EMAN Siguro. Hindi ako sigurado. May nareyalisa ako matapos ang pangyayaring iyon.

MANUEL Ano? Ikaw na ang susunod sa kanilang target?

EMAN Hindi iyan ang nareyalisa ko. (*Saglit.*) Ang salitang Shambala...

MANUEL Anong mayroon sa salitang Shambala?

EMAN Shambala ako. Ako ang Shambala.

MANUEL Ibig sabihi'y Shambala rin ako—

EMAN Oo. Shambala tayong lahat. Naramdaman ko muli ang Shambala nang mga sandaling iyon nang hindi ko namamalayan.

MANUEL Sinayang nila ang pagkakataon. Sayang.

EMAN Oo nga. Sayang. Dumaan lang sila sa akin.

MANUEL Gusto ko sana ulit maramdaman kung paano ang paghahanap sa isang nawawala.

EMAN Gusto kong maramdaman kung paano ang pakiramdam nang hinahanap. Kahit hindi ko na ito mararamdaman kung mismong sa oras ng kanilang pagdukot ay agad na rin nila akong patayin.

MANUEL Sayang.

EMAN Sayang nga talaga. Pero imposibleng dukutin nila ako na dalawa silang nakasakay sa motor. Hindi kami magkakasyang tatlo sa motor. Kaya mas naisip kong isang tambang ang magaganap.

MANUEL Pagkakataon na sana. Maibabalita ka sa telebisyon. Madyadyaryo ka. Maririnig sa radyo ang pagkawala mo. Maibabalita ka sa lahat ng sulok ng bansa, Kuya. Maibabalita na ang munting bayang ito ng Santa Barbara.

Noong pinatay sila Nanay at Tatay, wala man lang pumansin kahit dyaryong lokal. Kahit radyong lokal. Kahit lokal na istasyon. Bigo ang bayang ito ng Santa Barbara na mapabalita sa buong bansa sa pagkamatay nina Nanay.

EMAN Gano'n nga. Pag may ikalawa na, baka doon—mapunta na tayo sa balita! Gusto ko 'yon.

MANUEL Nakasasabik ang paghahanap—

EMAN Gusto ko nang mawala!

MANUEL At naghahanap—

EMAN At naghahanap—

MANUEL At nawawala—

EMAN At naghihintay—

MANUEL Tama. Naghihintay— Gusto ko ulit maramdaman ang pakiramdam nang naghihintay sa isang hindi na sigurado kung babalik. Katulad no'ng nawala sina Nanay at Tatay.

EMAN Ang dami nating ginawa no'n: linibot ko ang buong bayan, nagpunta ako sa munisipyo, nagtanong ako. Wala silang lahat maisagot. Nagpunta ako sa presinto ng mga pulis. Baka may ginawa lang 'kalokohan' 'yung dalawa pero wala rin sila doon. Baka pinagtitripan lang tayo nina Tatay at Nanay at tayo'y kanila na lamang bubulagin sa kanilang muling pagpapakita.

MANUEL Parang noong mga bata pa tayo.

EMAN Oo. (*Saglit.*) Umabot pa nga ako sa kampo militar sa kabilang bayan. Wala rin daw sila.

MANUEL Naniwala ka?

EMAN Oo. Dapat akong maniwala. Hindi sila maaaring magsinungaling. Labag iyon sa sinumpaang tungkulin ng mga militar para sa bayan. Malaki ang parusa sa pagsisinungaling: “A Trait Unbecoming of a Gentleman!”

MANUEL Ako nama’y lumapit sa mga dyaryo, radyo at opisina ng lokal na telebisyon dito sa atin, ayaw nilang maniwala.

EMAN Bakit sila maniniwala sa isang tambay?

MANUEL Maraming alam ang mga tambay, Kuya. Kung alam mo lang...

EMAN Dapat nagbihis ka. Dapat nagpambahay ka lang katulad nang hitsura ko nang lapitan ko ang mga presinto, ang mga kampo militar. Dapat mukhang wala kang maibubuga at makatapos ay biglang kukuha ka ng mga quotation sa konstitusyon ng bansang ito. Sasabihin mo ang mga batas!

MANUEL Dapat pala’y iyon ang aking ginawa.

EMAN Nawalan na rin ng silbi ang lahat, nagsisimula palang tayong maghanap ay kinailangan na kaagad natin tumigil. Dahil hindi na natin kailangang magpatuloy. Dahil makaraan ang ilang araw—

MANUEL Natagpuan na natin silang patay. (*Saglit.*) Mali. Hindi tayo ang nakatagpo sa kanilang luray-luray na bangkay.

EMAN Iyon ang pinakamalaking sayang. Laging ibang tao ang dapat nakakatagpo sa bangkay ng kanilang mga minamahal.

MANUEL At itatanong natin sa kung sino mang nakatagpo sa bangkay, kung naisagawa ang mga bagay na binabanggit ni Alfonso Olaguer sa kanyang tula:

“Saan natagpuan ang katawan?
Nakabilot ba sa tela ang katawan?
May dampi ba ng halik ang pisngi ng katawan nang matagpuan?
May bakas ba ng pag-aaruga nang ihatid sa pamilya ng bangkay ang katawan?”

(*Saglit.*) At sasagot sila ng: “Oo, ginawa namin ang lahat kahit siya’y hindi namin kilala.” At ipapaliwanag nilang kinailangan lamang nilang makita ang kahit isang paa ng katawang natagpuan upang masabi sa mga sarili nilang “Kauri namin ang bangkay na natagpuan.” Dahil parating kauring magbubukid ang matatagpuang bangkay sa mga liblib na bayan katulad ng Santa Barbara o Santa Filomena, at sa marami pang bayan sa bansang ito.

Dahil ang bawat pagkamatay ng kauri'y isang hakbang na paglapit sa atin ding kamatayan. Tayo ang namamatay kapag may natatagpuan tayong bangkay ng kauri natin.

EMAN Mahusay, Kapatid ko.

*Tunog ng isang sasakyan ang dadaan sa kanilang pandinig. Tahimik lamang silang mag-aabang. Walang gagalaw. Nakikiramdam. Lalampas ang sasakyan sa kanilang bahay.*

EMAN Hindi ulit para sa atin ang sasakyang iyon.

*Unti-unting didilim.*

## IKATLONG YUGTO

*Ilang araw pa ang lilipas. Halos walang magbabago sa tanghalan maliban sa natitirang isang piraso ng kaldero sa hapag. Nagkakape si MANUEL. Ilang sandali at darating si EMAN.*

EMAN Manuel.

MANUEL Kuya... Nakabalik ka na pala.

EMAN Inasikaso ko sa munisipyo ang ating last will and testament.

MANUEL Kamusta—

EMAN May mainit pang tubig?

MANUEL Mayroon pa sa termos.

EMAN Magtitimpla ako. (*Magtitimpla ng kape.*)

MANUEL Kamusta ang lakad mo sa munisipyo?

EMAN Nilapitan ko ang isang kakilala na sumusuporta sa atin pero hindi masyadong nagpapahalata dahil baka mabisto siya ni meyor, mawalan siya ng trabaho. Naging madali naman. Kinailangan niya lang talaga maging maingat para hindi mapahalatang para sa atin ang kanyang ginagawa. Ang paalam lang niya'y may kinalaman ito sa buhay at kamatayan ng mga pato, pabo, at baboy na alaga natin. Sinabi kong gawin niyang palusot na namamahay na ang mga baboy. Ayaw na nilang kumain ng feeds at kaning baboy. Gusto na nila parati ng masarap at bagong luto.

MANUEL Magandang palusot.

EMAN Salamat.

MANUEL Ano'ng inilagay mo?

EMAN Ang lahat ay maiiwan kay Elisa kung sakaling biglaang tayong dalawa ang dudukutin. Kung ako lang ang dudukutin, ang ipinamana sa iyo nina Nanay at Tatay ay mananatili sa iyo. Sa iyo na ngayon ang dampang ito kasama na ang kalahati ng lahat ng lupain ng Nanay at Tatay.

MANUEL Paano ang parte mo?

EMAN Ang lahat ng akin ay mapupunta kay Elisa. Maliban sa isa. Ang gubat sa likod-bahay.

MANUEL Kasama ang gubat sa may likod-bahay na mapupunta sa akin? Hindi ba dapat kay Elisa mapunta ang gubat na iyon?

EMAN Ibinibigay ko na sa iyo ang gubat na iyon. Mas ikaw ang namamalagi doon noong bata ka pa habang ako'y nanliligaw na kay Marissa. Isa pa'y walang silbi kay Elisa ang gubat na iyon. Hindi siya lumaki sa dampang ito. Hindi siya lumaking kasama ang gubat katulad nating dalawa. Hindi naging malapit sa kanya ang gubat na iyon katulad natin. Ang mga bagay na ipinapamana'y dapat mapunta sa may kakayahan at gustong mag-alaga sa mga ito.

MANUEL Parang lupa.

EMAN Ang lupa ay dapat para sa mga nagbubungkal nito. Ang gubat ay para sa mga may pakialam dito.

MANUEL Ano'ng matitira kina Marissa at Elisa?

EMAN Ang lahat ng aking naipundar. (*Saglit.*) Wala nang kasiguruhan ang lahat sa panahong ito.

MANUEL Katulad ng nangyayari sa atin ngayon.

EMAN Masyado tayong maraming ginagawa para sa paghahanda. Lumampas na't nakalimutan na natin ang pa-siyam nina Tatay.

MANUEL Hindi na rin pumasok sa isip ko ang pa-siyam.

EMAN Madali nating nalilimot ang ilan sa mga pinakaimportanteng bagay kapag masyado tayong maraming ginagawa.

MANUEL Katulad ng pag-alala—

EMAN Katulad ng pag-alala kina Tatay.

*Katahimikan. Anyong lilipad ang isipan ni EMAN.*

MANUEL Kuya...

EMAN Ano 'yon?

MANUEL Natulala ka—

EMAN A, oo. Natulala nga siguro ako. Sa munisipyo kasi...

MANUEL Mayroon pa?

EMAN May masamang balita akong narinig sa munisipyo habang inaayos ko ang papeles natin tungkol sa last will and testament nina Tatay.

MANUEL Ano’ng balita ‘yan? Sabihin mo na...

EMAN Itinigil na nang tuluyan ang paghahanap sa mga dumukot at pumatay kina Nanay.

MANUEL Bakit? Kailan pa?

EMAN Ang saksi sa pagdukot kina Nanay—

MANUEL Si Alejandro! Anong mayroon?

EMAN Si Alejandro.

MANUEL Ano ngang nangyari kay Alejandro?

EMAN Nagsalita na siya. Hindi. Hindi siya nagsalita. Sumulat siya. Hindi na raw siya nakakatulog nitong mga huling gabi.

MANUEL Dahil rin sa mga paniki?

EMAN Hindi. Gumawa siya ng sulat kay meyor at iniwan ang sulat sa harap ng bahay ni meyor. Nabasa ng misis ng meyor at kaagad itong inireport kay meyor. Sabi raw sa sulat ay palagi daw siyang nananaginip na dinadalaw siya nina Tatay at Nanay; bakit daw ayaw niyang isiwalat ang katotohanan.

MANUEL Nasaan siya?

EMAN Nagtatago na siya. Pinaghahanap na siya sa buong bansa sa mga oras na ito.

MANUEL Isinulat niya ang lahat ng kanyang narinig at nakita?

EMAN Ang lahat! Sinabi niya ang lahat ng kanyang nalalaman. Pati na ang pagpitas niya sa mga bulaklak ng talahib. Siya na ngayon ang pinaghahanap at hindi ang mga pumatay kina Tatay at Nanay.

MANUEL Kung hindi ba naman siya isang tanga at kalahati! Bakit niya sasabihin pati ang pangangalap ng bulaklak ng talahib? Mabilis talagang mapagtakpan ang mga bagay-bagay sa bayang ito.

EMAN Gano'n nga siguro talaga.

*Katahimikan.*

EMAN (*Anyong titignan ang laman ng kaldero sa mesa. Walang gana.*) Anong niluto ni Erning?

MANUEL Dinuguan. Hindi bagay bilang ito na ang kanyang huling pagluluto para sa atin.

EMAN Bakit daw?

MANUEL Nuubusan na raw siya nang maiisip na iluto.

EMAN Ulitin niya yung mga niluto na niya nitong mga nakaraan.

MANUEL Ayaw niya no'n.

EMAN Bakit daw?

MANUEL Ayoko nang tanungin baka mag-away lang kami.

EMAN Dinuguan. Ayokong tikman. Wala na akong ganang kumain para sa buong araw na ito.

MANUEL Ako man. Kaya dinagdagan ko ng beef wanton soup at puto. Ako na ang nagluto.

EMAN Ikaw na ang nagluto?

MANUEL Ako na ang nagluto.

EMAN Napagod na siya.

MANUEL Kailangan na raw niyang bumalik sa mga naiwan niyang trabaho. Hinahanap na siya ng may-ari sa tindahan ng muwebles. Pinangakuan ko pa nga siya ng isang buwang panonood ng sine nang libre, may popcorn pa. Pero hindi ko na talaga siya makumbinseng magpatuloy sa pagluluto. Inalok ko siyang magtayo na lamang ng karinderya dito sa atin. Isang karinderyang bukas sa lahat ng gustong kumain. Pero wala pa rin. Napagod na siya. Kailangan na raw niyang bumalik sa mga naiwan niyang trabaho. Hinahanap na siya ng among niya. Marami na raw gawain dahil malapit na ang piyesta sa liblib na Bayang ito ng Santa Barbara.

EMAN Piyesta. Nakalimutan ko na ring malapit na pala ang piyesta. Hindi ko man lang naramdaman. Dumadaan na lang ako sa mga kalsadang punong-

puno na pala ng banderitas ay hindi ko pa nakikita. Kahit ang init sa buwang ito ay hindi ko na rin naramdaman sa dami ng dapat inaasikaso.

MANUEL Maraming kliyente raw ang umuorder sa kanila ngayon.

EMAN At tayo'y naririto sa dampa nina Tatay; naghihintay sa isang hindi malaman kung darating. (*Lilibutin ang mga kasangkapan at dingding ng kusina.*) Inaagiw na ang bahay na ito mula nang mawala sina Tatay. (*Saglit.*) Nasa'n na si Erning ngayon? Andyan pa ba?

MANUEL Umuwi na pagkatapos na mailigpit ang mga talwasi.

EMAN Hindi ko man lang siya napasalamatan para sa ilang linggo niyang pagluluto.

MANUEL Binanggit ko na rin sa kanya ang iyong pasasalamat.

EMAN Hindi natin siya masisisi. Hindi siya ang naghihintay na mawala kundi tayo. Sabagay, hindi niya tayo obligasyon.

MANUEL Wala rin akong napala sa kahahagilap sa mga ka-basket ko sa plasa. Ayaw nilang makialam sa atin.

EMAN Kahit ang mga Ninong at Ninang ni Elisa... (*Saglit.*) Ano na ang balita kay Amanda?

MANUEL Tuluyan nang hindi pumayag si Amanda sa pagpapakasal.

EMAN Ilang araw mo siyang sinuyo?

MANUEL Sunod-sunod na gabi mula noong isang linggo.

EMAN Anong paliwanag niya?

MANUEL Sinabi ko sa kanyang pakakasalan ko siya sa lahat ng simbahan. Ngunit ayaw daw niyang mabyuda nang maaga.

EMAN Hindi naman siguradong ikaw ang mawawala. Isang linggo na rin tayong naghihintay pero wala pa namang dumarating—

MANUEL Sinabi ko rin na isang linggo na tayong naghihintay sa sasakyang itim pero walang dumarating. May posibilidad na hindi ako madudukot; na baka hindi naman talaga tayo mawawala; na baka nag-akala lang tayo. Kuya, binasa ko pa sa kanya maraming tula ng pag-ibig.

EMAN Dapat niyang makita ang paghihirap mo ngayon. Kung makikita ka lamang niya sa kondisyon mong iyan, malalaman niya kung anong hinagpis ang kanyang idinulot sa iyo.

MANUEL Hindi magkatulad ng pamantayan ng lalaki't babae sa kagwapuhan at kagandahan. Hindi naman sa pag-iyak o sa mukhang malungkot ng isang lalaki makikita ang kanyang kaguwapuhan.

EMAN Hindi 'yan ang ibig kong sabihin, nagkagusto na siya sa iyo sa segundo pa lang na nakatabi ka niyang bumili ng karne sa palengke. Ang iniisip ko lang naman ay baka mahabag siya sa iyong hitsura ngayon at mag-iba ang kanyang paningin.

MANUEL Hindi, Kuya, nakipaghiwalay na rin siya sa akin nang tuluyan.

EMAN Wala na bang makakapagpabago sa kanyang isipan?

MANUEL Kung lalayo daw kami dito ay sasama siya sa akin.

EMAN Ano'ng desisyon mo?

MANUEL Hindi ko pa alam. Kailangan ko pa ng kaunting panahon.

EMAN Panahon. Walang panahon para sa isang naghihintay na lang ng sandali kung kailan mawawala. Nagbibilang na lang ang mga segundo. Kaya kailangang magawa ang mga kailangang magawa. Hindi naghihintay ang kamatayan. (*Saglit.*) Kahit si Marissa'y hindi na rin ako nagawang hintayin.

MANUEL Nakaalis na sila?

EMAN Kanina pagpunta ko sa munisipyo. Binanggit sa akin ni Marissa bago ako umalis na aalis na rin sila ni Elisa. Pag-uwi ko'y ang tiwangwang na mesa may nakahandang pagkain para sa akin ang aking inabutan.

MANUEL Nagawa ka pa niyang ipagluto bago sila tuluyang umalis.

EMAN Pampalubag-loob.

MANUEL Ang mga pampalubag-loob ay paghingi ng tawad sa mga hindi kayang gawin o sabihin ng tao sa isa't isa.

EMAN Kanino mo natutuhan 'yan?

MANUEL Sarili kong pag-iisip. Ngayon ko lang din naisip.

EMAN Naiinggit ako sa iyo, alam mo ba, Manuel...

MANUEL Mas marami ka nang nabasa sa akin. Ako ang dapat na mainggit.

EMAN Nakakapagbasa ka ngayon at nakakapag-isip kahit napakarami nating ginagawa. Ako'y hindi na nagagawa ang ganyan—

MANUEL Time management, Kuya Eman. Time management kahit wala na tayong oras. Alam kong nariyan lang sa paligid ang kamatayan kaya kailangan ko nang gawin ang lahat ng magagawa katulad ng iyong binabanggit.

EMAN Sana'y alam din 'yan ng mga dinudukot at pinapatay sa ibang bayan.

MANUEL Dapat ay alam nila. Alam nila ang kanilang mga ipinaglalaban. Ang posibilidad na sila na ang susunod na target katulad ng ginagawa natin ngayon.

*May kakatok sa pinto. Sabay.*

EMAN Ikaw na ang magbukas, Manuel.

MANUEL Ako na ang magbubukas—

*Saglit.*

MANUEL Ako na... Ako na ang kakausap sa kung sino man ang kumakatok.

EMAN Hindi naman siguro kakatok ang mga may balak dumukot sa atin.

MANUEL (*Aayusin ang tindig.*) Kailangan ng dangal sa pagkawala.

*Aalis si MANUEL. Ilang sandali, babalik sa kusina si MANUEL na may dalang isang bilao.*

EMAN Ano raw?

MANUEL Si Aling Taleng—

EMAN Ano—

MANUEL Nagpahatid ng pansit si Aling Taleng.

EMAN Pampalubag-loob.

MANUEL Bakit mo sinasabi ‘yan?

EMAN Alam na siguro ni Aling Taleng na tinanggihan ni Amanda ang iniaalok mong kasal. O baka mas masama pa, baka si Aling Taleng mismo ang kumumbinse kay Amanda na huwag nang pakasal sa iyo. Tuwang-tuwa siguro si Aling Taleng ngayon dahil alam na niyang hindi matutuloy ang inyong kasal. Pampalubag-loob.

MANUEL Baka naman hindi—

EMAN Nilolоko mo ang iyong sarili, Manuel. (*Saglit.*) Nakakapanghina ang mga nangyayari.

MANUEL Ano’ng nakakapanghina?

EMAN Mukhang wala nang gustong sumuporta sa maaaring mangyari sa atin. Nakakainggit ang Bayan ng Santa Filomena. Nagagawa nilang magpaaga ng piyesta para lamang salubungin ang mga dudukot sa nawala sa kanila. (*Saglit.*) Pero naiintindihan ko silang lahat. Katulad ng pilit kong pag-intindi sa mga kababayan nating walang pagpapahalaga sa ating napipintong pagkawala.

MANUEL Paano kung ganoon nga?

EMAN Ano'ng ibig mong sabihin?

MANUEL Paano kung sumuko na silang lahat. Silang lahat na kababayan natin dito sa Santa Barbara...kaya't pinapabayaan na lang nilang mangyari ang mga nangyayari. Ni walang paghahatid, paghahanda, suporta.

EMAN Hanggang ngayon, kahit isang linggo nang walang dumadating na pahatid suporta para sa atin ay naniniwala pa rin ako. O pilit ko na lang din kinukumbinse ang sarili ko sa mga sinasabi ko. (*Saglit.*) Wala na si Amanda sa iyo. Umalis na rin si Erning. Umalis na sina Marissa at Elisa. Nagpadala lang ng isang bilao ng kung ano si Aling Taleng pero wala ring silbi—

MANUEL Sumusuko ka na sa paghihintay?

EMAN Wala na tayong silbi sa kanila.

MANUEL Pero hindi para sa mga militar. Anak pa rin tayo ng kanilang mga dinukot. Panganib pa rin tayo sa kanila. Maaari tayong mag-ingay! Manawagan para sa katarungan.

EMAN Hindi mo pa ba nakikita, Manuel? Walang dahilan para tayo’y dukutin. Hindi tayo lider tulad ni Tatay. Wala silang pakialam sa atin. (*Saglit.*) Kahit sa mga sundalo, hindi tayo mahalaga. Wala tayong halaga sa mundong ito.

*Katahimikan.*

MANUEL Napansin ko ang reaksyon mo nang kumatok sa pinto si Aling Taleng. Parang alangan kang buksan ang pinto at makita ang inaasahang makita—

EMAN Hindi ‘yan totoo.

MANUEL Sumusuko na sa paghihintay.

EMAN Pinaghandaan ko ang lahat. Isang linggo pa lang tayong naghihintay. Hindi pa ako napapagod—

MANUEL Bakit? Gaano ba dapat katagal ang paghihintay? Isang linggo, isang buwan, isang taon, isang dekada?

EMAN Paniwalan mo ang gusto mong paniwalan.

MANUEL Kuya—

EMAN (*Magsisiklab.*) Oo! Galit ako sa sambayanang ito. Galit ako! Galit ako! (*Hihinahon.*) Galit ako. Lilimandaan lang ang nakiramay sa ating mga magulang. Nasaan ang inaasahan nating milyon? Wala. Noong namatay ang pangulong walang ginawa kundi magdasal nang magdasal habang pinapatay ang mga manggagawang bukid sa kanyang hasyenda, milyon-milyon ang nakipaglibing. Noong isang hari ng pelikula ang namatay, ganoon din ang bilang ng nakipaglibing. Muntik pang talunin ang lahat ng libing na naganap sa bansang ito. Sadyang walang silbi ang mga pagkamatay katulad nang sa atin kung ikukumpara sa kanila. (*Buntong hininga.*) Isang kalokohan ang lahat ng paghahandang ito!

MANUEL (*Saglit. Mahinahon.*) Mali ka. Ako, hindi ako sumuko. Kung sumuko ka na sa paghihintay, ako, narito pa. Nitong mga huling araw na binabasa ko lahat ng mga librong sinasabi mong una mo nang binasa... Maraming akong natutuhan. Ikaw na napakaraming nabasa kaysa sa akin ang nauna pang sumuko. Ikaw ang parating di sigurado. Puro ka siguro-siguro. Wala kang paninindigan, Kuya Eman.

*Katahimikan.*

EMAN Nagkamali tayo. Nagkamali tayo sa lahat ng paghahandang ito. Hindi tayo handa. Paniwalan mo ang gusto mong paniwalan.

*Maririnig ang isang paparating nasasakyan. Matatahimik ang dalawa. Hihinto ang sasakyan sa harapan ng kanilang bahay.*

EMAN Narito na sila. Wala na tayong halaga sa bayang ito. Mabuti pang tuluyan nang mawala. Kailangang may mawala sa atin kahit isa. (*Anyong tatayo.*) Patutunayan ko sa iyong ako ang dapat mawala sa pagkakataong ito—

MANUEL Hindi, Kuya. Hindi ako nagkamali. Walang nagkamali sa ating dalawa. Walang nagkakamali kapag oras na ng kanyang pagkadukot, pagkawala, pagkamatay. Kung sinasabi mong hindi ka handa, ako, handa ako. Nakahanda ako. (*Saglit.*) Para sa akin ito. Ako ang naglaga ng bala para humigop nito.

EMAN Sandali lang—

MANUEL Ako ang mas bata. Hindi ba't ganito ang lohika ng pagdukot? Ang mas may potensyal na maghimagsik ang unang nawawala at hindi na muling natatagpuan. Hindi ikaw, sa ating dalawa, ang may mas potensyal at mas maghihimagsik. Ako. (*Saglit.*) Namnamin mo, Kuya Eman, ang mga sandaling ito. Ito na ang oras na ako ay dudukutin.

EMAN Manuel...

*Mapupuno ng liwanag ang isang exit point ng entablado. Mapapatingin sa liwanag si MANUEL.*

MANUEL (*Aayusin ang sariling tindig.*) Dapat may dangal sa pagkawala. Gustong kong makita ako ng mga kapitbahay na may dangal habang isinasakay sa sasakyang itim. Gusto kong ipatimo sa kanila ang kanilang kawalang pakialam para sa aking pagkawala. (*Saglit.*) Kung sakaling hindi mo na

matagpuan ang aking katawan, basahin mo sa aking alaala ang mga tula. Kung matagpuan mo ma'y basahin mo pa rin. Isarado mo ang aking kabaong, ayokong makita ng mga kababayan natin ang aking luray-luray na katawan. Sila na ang magpupuno sa kuwento kong kulang-kulang. Dahil tulad ng sinabi mo, walang nabubuong kuwento kapag may nawawala. O kahit muling natatagpuan ang nawala. Kapag may namamatay, kapag natagpuan na ang bangkay—kung matatagpuan pa nga ang bangkay—naiiwan sa mukha ng bangkay ang paraan ng kanyang pagkamatay. Ito ang tanging kuwento, Kuya Eman.

*(Saglit.*) Basahin mo sa lahat ng mga dadalo para sa aking pag-alala ang mga tula. Mangako ka.

EMAN (*Tulala. Saglit.*) Ang tula—

MANUEL Basahin mo, Kuya Eman. Mangako ka.

EMAN (*Balisa.*) Pangako. Babasahin ko.

MANUEL Sige na. Nasasabik na ako sa pagpapahirap na maaari kong madanas sa kanilang mga kamay. Hinihintay na nila ako. Ang bawat saglit nilang paghihintay ay posibilidad ng kawalang gana nila sa pagpapahirap na kanilang gagawin sa akin. Ngumiti ka, Kuya. Hindi pamantayan ng kaguwapuhan ng isang lalaki ang lungkot sa kanyang pisngi. Hindi ba't sinabi mong namnamin ang mga sandali sa pagkawala. Nangangako rin ako, wala silang makukuhang kahit anong mahalagang impormasyon

mula sa akin dahil wala akong alam. Wala akong alam, Kuya Eman. Pangako.

*Lalabas si MANUEL sa exit point ng entablado na puno ng liwanag. Tunog ng lumilisang sasakyan. Katahimikan. Anyong nag-iisip, hindi mapakali. Kakalma. Mangingiti. Magsisimulang magtimpla ng kape si EMAN habang unti-unting nagdidilim.*

*DILIM.*